I-scan ang QR Code para sa Opisyal na **Facebook Page.**

angbagwis

patuloy sa pag-alpas, aabutin ang malayang bukas

Opisyal na Pahayagang Pangkampus ng Pasay City South High School | TOMO XX
Blg. 1 | Hunyo 2025 - Pebrero 2026

MGA NILALAMAN



KAMPUS EKSPRES

HASANG PANULAT
PhilStar, Nagsagawa ng Journalism Workshop

BALITA | PAHINA 05



LANTARAN

Hindi sila Sirang Makina

OPINYON | PAHINA 08



kredABILIDAD: Pagwakas sa angking Pag-aangkin

LATHALAIN | PAHINA 13

EDITORYAL

MANIPULA SA KATOTOHANAN

SUNDAN SA PAHINA 06

Nilu-look forward talaga namin itong financial assistance dahil malaking tulong ito para sa personal na gastusin ng aking anak,”
dagdag pa niya.

BALITA | PAHINA 04

SA MGA NUMERO

1,200

BILANG NG MGA EMPLEYADO AT KONTRATISTA, AT KASALUKUYANG NAG-SUSURI NG MGA LEGAL NA HAKBANG UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KANILANG KARAPATAN.

BALITA | PAHINA 04

BALITANG LOKAL

Karapatan ng mamamahayag, huwag ipagkait bagkus ipaglaban
Campus Press Freedom Bill, 13 Taon nang Itinutulak sa Kongreso

+ Stacy Jardeleza

Iniwalat ni College Editors Guild of the Philippines (CEGP) National Spokesperson Brell Lacerna ang kasalukuyang sitwasyon ng mga mamamahayag pangkampus kasabay ang agarang pagpasa ng Campus Press Freedom Bill (HB 1155) noong Hulyo 30, 2024.

Base sa nakalap na datos ng CEGP, humigit-kumulang 1,000 na Campus Press Freedom Violation reports ang naitala sa buong bansa mula 2010, kabilang na rito ang 206 na kaso noong 2024. Kasama sa violations na ito ang censorship, red-tagging, harassment, libel threats, looting of publication funds, at expulsion.

Violations of campus press freedom have long gone unpunished, as they are often deemed inconsequential by school administrators and the government alike,” Aniya ni Lacerna.

Dahil sa pagtaas ng kaso ng CPFVs, mas na-udyokan ang mga media advocates na palakasin ang kanilang pangangampanya para sa agarang pagpasa ng Campus Press Freedom Bill na naantala sa kongreso sa loob ng 13 taon.

Noong Hulyo 5,1991, naisabatas ang Campus Journalism Act (CJA) of 1991 na naglalayong itaguyod at protektahan ang malayang pamamahayag ng mga mag-aaral habang hinuhubog ang kanilang kasanayan at responsibilidad sa larangan ng journalism.

Ngunit, ayon sa mga media advocates, ang batas na ito ay outdated na at kulang sa probisyon upang maprotektahan ang mga mamamahayag pangkampus. Nabigo rin ang batas na ito na maki-pagsabayan sa digital na pag-unlad ng campus journalism.

“As you can see, 1991 pa ‘yung batas [CJA of 1991], hindi na-foresee ng batas na ito na magka-karoon ng digital media, so isa ‘yun sa mga sana ma-highlight kapag magkakaroon ng pagbabago sa batas na ito,” saad ni Former Tomasino Web Adviser Leo Laparan II.

Nitong nakaraang taon, Agosto 30, ang College Editors Guild of the Philippines (CEGP), katuwang ang Kabataan Party-list, ay muling naghain ng Campus Press Freedom Bill (CPF) sa House of Representatives dalawang araw bago ang National Press Freedom Day.

Sa kasalukuyan ay nakatalaga bilang House Bill 4172, layunin ng panukalang ito na ip-awalang-bisa ang Campus Journalism Act of 1991, na matagal nang kinokondena ng mga tagapag-taguyod ng press freedom bilang hindi epektibo sa pagprotekta sa mga estudyanteng mamamahayag.

SA MGA NUMERO

PHP 625.78 M

ANG KABUUANG PONDO PARA SA PAGPAPATIBAY AT PAGPAPATAYO NG MGA IMPRASTRAKTURANG PANLABAN SA MGA BAHA.

SUNDAN SA PAHINA 05

BALITANG LOKAL

Karerang may direksyon, Edukasyong may aksyon

Expanded Career Progression System, Inilunsad

+ Scottie Caunga

Bilang tugon ng Department of Education (DepEd) sa matagal nang suliranin sa sahod at limitadong oportunidad sa karera ng mga guro, inilunsad ang Expanded Career Progression System noong Agosto 22, 2025.

Ayon kay DepEd Secretary Sonny Angara, ang ECP ay isa sa mga pangunahing programa ng DepEd sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr., ito ay naglalayong dapat mabigyan ang mga guro ng pagkakataon para sa kanilang pag-angat sa propesyon. Binigyang-diin ni Angara sa nakaraang State of the Nation Address, na ang layunin ng administrasyon ay mabigyan ang mga guro ng mga benepisyo na nararapat sa kanila.

Nananatili sa serbisyo ang mga guro hanggang sa edad na 60 o matapos ang 34 na taong paglilingkod.

Gayunpaman, para sa ilan, hindi nagtatapos ang kanilang bokasyon sa huling araw ng trabaho, sapagkat ang pagiging guro ay isang panghabambuhay na tungkulin.



KAMPUS EKSPRES

PUSONG LIDER

PAMUMUNONG LINGKOD. Pinangunahan ng Senior High School Peer Facilitators, kabalikat ang Every Nation Campus (ENC) noong Enero 28, 2026 ang Leadership, Integrity, Faith, Excellence (L.I.F.E.) Class, isang seminar na layunin ipamalas sa mga mag-aaral ang kahulugan ng "Servant Leadership". | Larawang kuha ni Ashley Ramos

L.I.F.E Class, Dinaluhan ng mga mag-aaral

+ Gelline Odicta

Isinagawa ang Leadership, Integrity, Faith, and Excellence seminar sa pangunguna ng Senior High School Peer Facilitator, katuwang ang Every Nation Campus (ENC), sa Audio-Visual Room ng Pasay City South High School noong Enero 28, 2026.

Ang seminar ay boluntaryo at bukas para sa sinumang nagnanais matuto pa tungkol sa pamumuno. Sa araw na iyon, tinalakay sa seminar ang isang partikular na aspeto ng pamumuno, na tinatawag na Servant Leadership.

Nagsimula ang programa sa mainit na pagbati mula sa Kawaksing Punongguro na si G. Victor L. Tubilan, at ang mensahe ng inspirasyon mula kay Dr. Basilisa D. Tomimbang, Public School District Supervisor ng Cluster 8.

Ipinakilala ni Gng. Mekisa A. Abuan, Guidance Counselor ng Senior High School, ang pangunahing tagapagsalita ng seminar na si Pastor Francis Javier, Lead Pastor ng Victory Church Fellowship sa Pasay City. Ipinamahagi niya ang isang kumpleto, maayos, at interaktibong seminar na nagbigay ng kalayaan sa mga mag-aaral na makibahagi at maunawaan ang paksa.

Sa kabuuan nito, nagkaroon ng pangkatang aktibidad na nagpagaan sa pakiramdam ng bawat mag-aaral at nagbigay ng pagkakataon na maramdaman nilang napapansin at napapakinggan sila. Masigasig ang mga pakikipag-ugnayan sa bawat mag-aaral upang walang naiwang hindi nakilahok.

Nabalot ng tawanan at nagbahagi ng karanasan, habang natututo ng mahalagang aral mula sa pastor batay sa kanyang mga pinagdaanan.

Sa kaniyang huling mensahe nagpaabot si Jamaica Denese Soquite, Presidente ng Senior High School Peer Facilitator, ng kaniyang pasasalamat sa lahat ng mga dumalo at nakiisa.

SA MGA NUMERO

Ayon sa Commission on Elections (COMELEC), narito ang mga petsang dapat nating tandaan para sa 2026 Barangay at Sangguniang Kabataan Elections:

OKT. 20, 2025- MAYO 18, 2026
Paghahain ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng mga botante para sa halalang barangay.

SEPT. 28, 2026- OKT. 05, 2026
Paghahain ng Certificate of Candidacy (COC).

OCT. 03, 2026- NOB. 09, 2026
Panahon ng halalan (may umiiral na gun ban o pagbabawal sa pagdadala ng baril).

OCT. 22, 2026- OCT. 31, 2026
Panahon ng kampanya.

NOBYEMBRE 1, 2026
Ipinagbabawal ang pangangampanya sa bisperas ng araw ng halalan.

NOBYEMBRE 1-2, 2026
Liquor ban o pagbabawal sa pagbebenta at pag-inom ng alak.

NOBYEMBRE 2, 2026
Araw ng Halalan | Oras ng botohan: 7:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon.

DISYEMBRE 2, 2026
Huling araw ng paghahain ng Statement of Contributions and Expenditures (SOCE).

BALITANG LOKAL

BOTONG NAANTALA

SK Election, Ipinagpaliban

+ Audrich Pitalvo

Nilagdaan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ang Republic Act No. 12232 sa naganap na deliberasyon sa kongreso noong Agosto 13, 2025.

Opisyal nang isinabay ang Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) sa unang Lunes ng Nobyembre 2026, mula sa dating nakatalagang Disyembre 1, 2025. Kaakibat nito, bahagi ng bagong batas ang pagtatakda ng apat na taong termino para sa mga halal na opisyal ng barangay at SK.

Ang mga kasalukuyang opisyal ay mananatili sa kanilang tungkulin hanggang sa darating na BSKE 2026, at ang mga susunod na eleksyon ng barangay at SK ay gaganapin bawat apat na taon pagkatapos nito.

Nagbigay-paliwanag si Commision on Election Chairman George Garcia tungkol sa kahalagahan ng pagpaparehistro ng mga kabataang botante.

Ayon sa Comelec data, 223,282 na indibidwal ang nagparehistro bilang SK voters mula Oktubre 20 hanggang Disyembre 14, 2025.


"Those who are 14 years old now will turn 15 next year; therefore, they can already cast their votes in the SK elections," pahayag ni Garcia.

Samantala, may mga naghain ng petisyon sa Korte Suprema laban sa RA 12232 na nagsasabing ang batas ay maaaring lumabag sa karapatan sa pagboto ng mga mamamayan dahil sa pagpapalawig ng termino ng mga halal na opisyal at pagkaantala ng eleksyon.

Ayon sa mga petisyonaryo, ang pagpapaliban ng BSKE ay maaaring malinaw na paglabag sa karapatan ng mga mamamayan na magkaroon ng impormasyon na nakaaapekto sa kanilang karapatang konstitusyonal.

Samakatuwid, ang pagkilos na ito ay bahagi ng mas malawak na diskurso ukol sa tamang iskedyul ng mga lokal na halalan at pagsiguro ng patas na oportunidad para sa mga kabataang botante at kandidato.

Bagama't ipinagpaliban ang eleksyon para sa susunod na taon, nagpapatuloy ang mga paghahanda ng Comelec sa voter registration period na hanggang Mayo 18, 2026 para sa mga nais makilahok sa darating na BSKE.



KARAPATANG MAKABOTO. Nilagdaan ni Ferdinand Marcos Jr. ang Republic Act No. 12232 na naglilipat ng BSKE sa Nobyembre 2026 at nagtatakda ng apat na taong termino, habang tuloy ang voter registration ng Commission on Elections hanggang Mayo 18. | Larawan mula sa Inquirer

KAMPUS EKSPRES

BANTAY-BATA SA ONLINE NA PANAHON!

Online Sexual Exploitation, tinalakay

+ Carla Gernale



HUBOG-LINGKOD. Pinangunahan ng SHS Guidance Office ng PCSHS ang capacity-building seminar noong Oktubre 9, 2025 laban sa OSAEC at CSAEM para sa mga guro, kaagapay si Pastor Francis Javier at mga opisyal ng paaralan. | Larawang kuha ni Akira Sison

Nagdaos ang Pasay City South High School (PCSHS) Senior High School Guidance Office ng capacity building seminar para sa mga adviser at core leaders tungkol sa Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC) at Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM), Oktubre 9, 2025.

Sa pambungad na mensahe ni Dr. Felina P. Patagan, Principal IV, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagtitipon bilang pagkakataong mapalalim ang kamalayan sa mga isyung kinahaharap ng kabataan sa digital na mundo at muling suriin ang mga pa- takaran ukol sa child protection.

Tinalakay ni Dr. Bernadita A. Perez, Education Program Supervisor at Child Protection Specialist ng School Division Office ng Pasay, ang mga Supplemental Guidelines for the Implementation of D.O. No. 40, s. 2012 o Child Protection Policy. Ipinaliwanag niya ang mga prohibited acts, mga preventive at responsive mechanisms, at ang bisa ng nasabing kautusan.

Binigyang-pansin din ni Dr. Perez ang mga batas na R.A. 11596 o Anti-Child Marriage Law at R.A. 11930 o Anti-OSAEC and Anti-CSAEM Law, na parehong naglalayong protektahan ang kabataan mula sa pang-aabusong seksuwal, lalo na sa internet.

Kasama rin sa diskusyon ang responsableng paggamit ng Information Communication Technology, social media, at ang online risks tulad ng cyberbullying, data privacy issues, at misinformation.

Sa pagtatapos ng gawain, hinimok ni Gng. Mekisa A. Abuan, Guidance Coordinator, ang mga guro na ibahagi at ipaliwanag sa kanilang mga klase ang kaalaman tungkol sa online protection. Binigyang-diin naman ni G. Victor L. Tubilan, SHS Assistant Principal II, na ang tunay na tagumpay ng programa ay makikita sa mas ligtas na mga mag-aaral na may sapat na kaalaman laban sa online abuse.

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL
| TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026

KAMPUS EKSPRES

TUNGKULIN NG MAMAMAHAYAG

PCSHS Alumnus, naglunsad ng pagsasanay kontra disinformation

+ Kristine Nicole A. Baldo

Pasay City South High School — Sentro ng isinagawang pagsasanay sa pagtalakay ni G. Don Dave D. Ventura, isang PCSHS alumnus at kasalukuyang GMA Integrated News Manager, tungkol sa lumalalang pagkalat ng disinformation at ang tungkulin ng kabataang mamamahayag sa pagprotekta sa katotohanan.

"Kailangan nating labanan ang pagkalat ng disinformation at misinformation," aniya habang tinalakay ang mga batayang prinsipyo at pillars of journalism.

Ayon kay Ventura, dapat palaging isaalang-alang ng mga mamamahayag ang pagbe-verify ng impormasyon, pagtitiyak sa reliability ng sources, at pagbibigay ng tumpak na ulat.

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng regular na pagbabasa ng dyaryo, panonood ng balita, at pakikinig ng radyo bilang pundasyon ng isang mahusay na tagapaghatid ng impormasyon.

> *Hindi sapat na marunong magsulat; dapat ay marunong ding magsala ng impormasyon," dagdag pa niya.*

Ibinahagi rin niya ang ilang praktikal na tips kung paano dapat inilalahad ang balita upang manatiling tapat, malinaw, at kapaki-pakinabang para sa publiko.

Bago ang talakayan, naghatid ng mainit na pambungad na pananalita si Gng. Wilma V. Amores, Puno ng Kagawaran ng Filipino, na nagpasalamat sa pagbabalik ni Ventura upang ibahagi ang kaniyang kaalaman.

Sinundan ito ng mensahe ni Dr. Cynthia D. Abella, Kawak-sing Punongguro ng Junior High School, na pinuri ang dedikasyon ng panauhin sa pagpapalakas ng kakayahan ng kabataang mamamahayag.

Sa huli, tiniyak ni Ventura sa mga mag-aaral na ang layunin ng bawat mamamaha-yag ay hindi lamang mag-ulat, kundi maghatid ng impor-masyong tama, makabuluhan, at nagsisilbi sa interes ng publiko.



SANDIGAN NG KATOTOHANAN. Tinalakay ni G. Don Dave D. Ventura, isang PCSHS alumnus at GMA Integrated News Manager, noong Nobyembre 14, 2025, ang pagsasanay tungkol sa paglaban sa disinformation, isang seminar na layuning ituro sa mga kabataang mamamahayag ang kahalagahan ng pagbe-verify ng impormasyon at pagpanig sa katotohanan. | Larawang kuha ni Sabiniano Christian Araña

SA MGA NUMERO

PHP 2,500

ANG KABUUANG HALAGA NG TULONG PINANSYAL NA MULA SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG PASAY.

SUNDAN SA PAHINA 04

KAMPUS EKSPRES

Mas pinahigpit na batas, may banta sa seguridad ng mga Pilipino sa U.S.

Mga Pilipinong Migrante, patuloy na apektado

+ Gelline Odicta

Maraming mga Pilipino sa United States of America ay patuloy na nakararanas ng epekto ng mas mahigpit na pagpapatupad ng batas sa imigrasyon ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE), na bahagi ng malawakang kampanya laban sa mga undocumented na imigrante at iba pang may isyu sa kanilang imigrasyon.

Ayon sa Philippine Embassy, tinatayang maliit lamang ang porsyento ng mga Pilipino ang aktwal na apektado, ngunit nananatili ang pag-aalala sa komunidad.

Ang Department of Foreign Affairs (DFA) ng Pilipinas ay nag-ulat na may humigit-kumulang 69 Pilipinong nasa kustodiya ng ICE noong Agosto 2025, at ilan sa mga ito ay dinala na pabalik sa Pilipinas matapos ang proseso ng deportasyon.

Gayunpaman, tiniyak ng DFA na hindi pa naipapatupad ang deporta-syon ng mga Pilipino sa mga third country at patuloy na nakikipag-ug-nayan ang embahada sa mga lokal na awtoridad ukol sa mga kasong ito.

Tinatayang may malawak na bilang ng mga Pilipino sa U.S. ang maaaring direktang o hindi direktang naaapektu-han ng mas mahigpit na enforcement ng ICE, kabilang na ang mga undo-cumented na manggagawa, mga may lumang kaso, at maging mga legal na residente na naglalakbay palabas at pabalik ng bansa.

Ilang community group at kon-sulado ang nagsasabi na ang pani-bagong patakaran ay nagdudulot ng takot, kawalan ng seguridad, at mga desisyon tungkol sa boluntaryong pag-alis sa bansa.

"This is supposed to be a healing space and it 100% does not feel that way," wika ng isang Pilipinong physical therapist sa U.S.

Ang komunidad ng Filipino-American ay may tinatayang higit 4 milyon na mga Pilipino ang naninira-han sa U.S. at ang mas mahigpit na pagpapatupad ng mga immigration law ay hindi lamang nakakaapekto sa mga undocumented, kundi pati sa mga pamilya at kabuhayan na nakaplano nang matagal.

Sa kabila ng mga pagkakaaresto at panganib ng deportasyon, tiniyak ng Philippine Embassy na patuloy silang nagbibigay ng suporta at tulong para sa mga Pilipino, pinapayuhan ang mga undocumented na kumunsulta sa abogado at alamin ang kanilang legal na mga hakbang bago umabot sa mas seryosong proseso ng deportasyon.

Ang pagpapalaganap ng mga patakarang ito ay nagdulot ng mga pagtatalo at panawagan para sa mas malinaw na datos at proteksyon ng mga migranteng Pilipino.

KOMUNIDAD

SULONG KABATAAN

Pagsasagawa ng IDADAIT, pinangunahan ng Brgy. 183

+ Kristine Nicole A. Baldo

Bilang pakikiisa sa paggunita ng International Day Against Drug Abuse and Illicit Trafficking (IDADAIT), nagsagawa ng seminar ang mga kawani ng Barangay 183 kasama ang iba't ibang opisyales ng bawat organi-sasyon sa Pasay City South High School, noong Oktubre 3, 2025. Ito ay may layong palakasin ang kama-layan ng mga kabataan hinggil sa masasamang epekto ng ipinagbabawal na gamot.

Sa pambungad na panana-lita ni Kapitan Alvin A. Zuñiga, kanyang binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-iwas sa droga na aniya'y "nakasisira ng buhay at kinabukasan."

Nagbigay rin ng mensahe ang lead coordinator ng City Anti-Drug Council na si G. Rowell Capindang. Ibinahagi niya ang datos mula sa Pasay City Jail na 80% ng mga gumagawa ng krimen sa lungsod ay may kaugnayan sa paggamit ng droga. Paliwanag niya, ang droga ay isang chronic disease na nagdudulot ng pangmatagalang epekto at withdrawal symptoms.

Dagdag pa niya, "Sumpa ang droga sa buhay nila," batay sa kanyang mga nakapanayam na dating gumagamit.

Kasunod nito, nagbigay naman ng panawagan si Kagawad Alden Yogi Cariño na mahalaga ang pagkakaroon ng isang barangay na drug-free, sapag-kat dito nagiging mas produktibo ang komunidad. Giit pa niya, "Nasa kabataan ang pag-asa at pagbabago."

Bilang pagkilala sa partisipasyon ng mga dumalo, naggawad ng sertipiko ang mga kawani ng barangay. Kinilala rin ang nagkamit ng pinakamahusay na publikasyon ukol sa kampanya kontra droga—ang Ang Bagwis at Peer Facilitator Senior High School Club.

Bilang pagtatapos ng aktibidad, nagbigay ng mensahe si Francis Mamayson, Chief Admin at Focal Person ng Barangay Anti-Drug Abuse Council (BADAC), na nagpaalala sa kahalagahan ng pagkakaisa ng pama-halaan, paaralan, at komunidad upang labanan ang banta ng ilegal na droga.



KATAPUSAN NG KARAHASAN. Pinangasiwaan ni Brgy. 183 Kag. Gerald John M. Sobrevega, katuwang ang Pasay City South High School (PCSHS) sa pamumuno ni Dr. Felina P. Patagan, ang 18-Day Campaign to End Violence Against Women noong Nobyembre 25, 2025 | Larawang kuha ni Ralf Graean Loterte

KAMPUS EKSPRES

WAKASAN NGAYON

VAWC 18-Day Campaign Kick-Off, Pormal na Idinaos

+ Carla Gernale

Sinimulan ang 18-Day Campaign to End Violence Against Women bitbit ang temang "UNiTEd for a VAW-free Philippines" noong Nobyembre 25, 2025, sa pamamagitan ng isang makulay at makabuluhang parada sa school grounds.

Ang taunang kampanyang ito ay isinasagawa simula Nobyembre 25 hanggang December 12, alinsunod sa Philippine Proclamation No. 1172, series of 2006, bilang panagawan sa patuloy na aksyon upang wakasan ang gender-based violence.

Sa pangunguna ni Brgy. 183 Kagawad Gerald John M. Sobrevega, Head of Committee on Women & Family and Social Services kasama ang mga panauhin habang tumutugtog ang PCSHS Drum & Lyre, hudyat ng simula ng isang makulay at maritmong parada. Nakiisa ang buong pamunuan ng Pasay City South High School (PCSHS), sa pangunguna ni Dr. Felina P. Patagan, kasama ang Brgy. 183 at Sangguniang Kabataan Officials, Villamor Air Base Elementary School (VABES), National Aviation Academy of the Philippines (NAAP), SPTA, mga guro, at barangay staff.

Nang matapos ang parada, ipinagpatuloy ang selebrasyon sa pamamagitan ng isang programa na ginanap sa Audio Visual Room (AVR), sa pamumuno nina Kag. Sobrevega at Gng. Ginalyn M. Allen.

Sa pambungad na pananalita ni Dr. Patagan, hinikayat niya ang lahat na maging mga tagapaghatid ng pag-babago upang wakasan ang lahat ng uri ng karahasan. Nagpasalamat din ang punongguro sa lahat ng naging parte ng programa, lalo na sa Brgy. 183 Villamor bilang punong-abala sa pagdiriwang na ito.

Inihatid naman nina Kagawad Yogi Carino at Kagawad Carl Jay Torico at kanilang mensahe para sa lahat na magkaisa; gawing pagkilos ang kamalayan, gawing pagbabago ang pagkilos, at gawing proteksyon ang pagbabago para sa bawat kababaihan at kabataan.

Nag-abot din ng pasasalamat ang punong barangay na si Kapitan Alvin A. Zuñiga at binigyang-diin ang importansya ng pagsasalita, pag-una-wa, at komunikasyon, upang mapuksa ang karahasan laban sa kababaihan.

Naghatid naman ng pampasiglang pagtatanghal ang PCSHS Supreme Secodary Learner Government (SSLG) bilang parte ng energy check sa mga kalahok.

Sunod na ginanap ang pledge of commitment na pinangunahan ng kinatawan sa iba't ibang sektor kabilang sina Dr. Patagan, Kap. Zuñiga, Bb. Grace L. Cabayao, PCSHS Gender and Development Focal Point Perso), Dr. Rene Bersoto, NAAP Dean, GAD Focal Person, Dr. Devie S. Capinpin, VABES GAD Focal Point Person, Lt. Arvin Neil S. Manuel, School-Parent Teacher Association, President.

Sa pagtatapos ay nagbigay ng mensahe si SK Chairperson, Hon. Yngrid Kurei Factuar na nagpaalalang ang pagwakas sa karahasan ay hindi natatamo sa isang araw na gawain kundi sa tuloy-tuloy na dedikasyon.

Huling isinagawa ang commitment wall signing at photo opportunity ng okasyon.

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL | TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026



KAAGAPAY SA EDUKASYON. Ipinamahagi ng pamahalaang lungsod ng Pasay noong Enero 22, 2026 ang tulong pinansyal na nagkakahalagang 2,500 para sa mga mag-aaral ng PCSHS bilang suporta sa kanilang mga gastusing pang-eskwela at pangangailangan sa pag-aaral. | Larawan mula sa The Wings

KAMPUS EKSPRES

EDUKATIBONG TULONG

Financial Assistance, Naipamahagi na

+ Kristine Nicole A. Baldo

Ipinamahagi sa Pasay City South High School ang financial assistance para sa mga mag-aaral, na sumasaklaw sa kalahating buwan ng Hunyo hanggang Agosto, noong Pebrero 22, 2026.

Ayon sa ilang magulang, malaking bagay ang natatanggap nilang FA na nagkakahalagang P2,500 mula sa pamahalaang lungsod ng Pasay. Batay sa isang solo parent, ipinahayag niyang masaya siya sa natanggap na FA dahil malaking dagdag ito sa kanilang panggastos at pambayad sa mga bayarin.

> *Nilu-look forward talaga namin itong financial assistance dahil malaking tulong ito para sa personal na gastusin ng aking anak," dagdag pa niya.*

Bagama't may ilang magulang ang nalungkot dahil nahuli ang Pasay City South High School sa distribusyon ng FA kumpara sa ibang paaralan, ipinahayag nilang nauunawaan nila ang sitwasyon. Ayon sa kanila, marami rin namang benepisyaryo sa lungsod kaya't naiintindihan nilang maaaring maantala ang pamamahagi.

Samantala, ibinahagi ng isang mag-aaral na benepisyaryo, ginamit niya ang natanggap na pera para sa pagpapagawa ng kaniyang salamin at pandagdag sa gastusin sa paaralan. Dagdag pa niya, malaking tulong ang programang ito upang matugunan ang kaniyang pangangailangan sa pag-aaral.

Ipinaliwanag naman ng isang guro ang proseso ng beripikasyon ng mga benepisyaryo. Aniya, kinakailangang botante at lehitimong residente ng Pasay ang magulang ng mag-aaral, kasalukuyang enrolled ang bata, at regular na pumapasok sa klase. May polisiya rin na maaaring mabawasan ang matatanggap na tulong kung ang mag-aaral ay may tatlo hanggang limang araw na pagliban sa klase, batay sa alituntunin ng pamahalaang lungsod.

Sinabi ng guro na ang pagpapatupad ng bawas sa tulong ay isinasaalang-alang din ang dahilan ng pagliban. Kung may sapat na dahilan tulad ng pagkakasakit, problema sa pamilya o pinansyal.

Sa kabuuan, itinuturing ng mga magulang, mag-aaral, at guro na malaking tulong ang programang pinansyal ng pamahalaang lungsod sa pagpapatuloy ng edukasyon ng mga kabataan sa Pasay.

KAMPUS EKSPRES

HIMIG NG LAHI

Buwan ng Wika, Ipinagdiwang

+ Euan James Dela Cruz

Pormal na inilunsad ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa Pasay City South High School (PCSHS) na may temang "Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa," noong Martes, ika-5 ng Agosto, 2025.

Binuksan ang programa sa pamamagitan ng makulay na parada sa loob ng paaralan na nagpakita ng pagkakaisa at kasiglahan ang bawat mag-aaral sa pagsusuot ng makabayang kasuotan at pagdadala ng bandila ng Pilipinas.

Pinangunahan ang pagbubukas ng programa ni Gng. Janette A. Catabian, Humanities and Social Sciences-Filipino na sinundan agad ng pambungad na pananalita ng Punongguro IV ng PCSHS, Dr. Felina P. Patagan. Binigyang-diin niya ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay hindi lamang sa pagsuot ng barong bagkus ito ay paglalayag bilang isang mamamayang Pilipino.

> *Hindi lamang ito basta pagpapakita ng ating kasuotan – ito'y pagpapakita ng ating wika, ng ating lengguwahe," ani ni Dr. Patagan.*

Naghandog ng masiglang pagtatanghal ang Southenian Dancesports Team, tampok ang mga sayaw sa saliw ng mga awiting Filipino.

Samantala, inilunsad din ang mga patimpalak para sa mga mag-aaral na magpapamalas ng galing sa panitikan, sining, at kultura.

Inilahad ni Gng. Jannet B. Tolosa, guro sa Filipino ang mga patimpalak para sa Junior High School, kabilang na ang mga eksklusibong paligsahan para sa mga mag-aaral ng Ika-10 Baitang. Kasabay nito, inihayag naman ni Gng. Melanie R. Azor guro sa HUMSS-Filipino ang mga inihandang patimpalak para sa Senior High School.

Bilang pagtatapos, nagbigay ng pangwakas na mensahe si G. Victor L. Tubilan, Kawaksing Punongguro II, inanyayahan niya ang lahat na makiisa sa mga susunod na gawain ng Buwan ng Wika, kabilang na ang patimpalak sa Pinakamahusay na Kasuotang Pilipino, na naglalayong higit pang hikayatin ang pagpapakita ng pagmamalaki sa kulturang Pilipino.



WIKANG NAGBUBUKLOD. Pinasinayaan ng PCSHS ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025 noong Agosto 5, 2025 sa pamamagitan ng isang makulay na parada at palatuntunang may temang "Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa." | Larawan kuha ni Matthew Menor

SA MGA NUMERO

1,200

BILANG NG MGA EMPLEYADO AT KONTRATISTA, AT KASALUKUYANG NAGSUSURI NG MGA LEGAL NA HAKBANG UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KANILANG KARAPATAN.

DATOS MULA SA MINING AND GEOSCIENCES BUREAU

BALITANG LOKAL

TIGIL OPERASYON

Pagmimina sa Nueva Vizcaya, sinuspende

+ Shane Tabuena

Pansamantalang sinuspinde ng Mining and Geosciences Bureau ang nagaganap na mining exploration ng Woggle Corporation sa Dupax del Norte, Nueva Vizcaya sa kadahilanang pagtutol ng mga residenteng nakatira sa lugar noong Pebrero 12, 2026.

Sa isang liham na inilabas ng MGB, lahat ng barikada at harang sa daan papuntang exploration site ay nagiging hadlang sa kaligtasan ng mga kasapi sa eksplorasyon. Dahil dito, agarang isususpinde ang lahat ng gawaing paggalugad sa lugar hanggang sa maayos na maresolba ang sitwasyon.

Nilinaw rin ng ahensiya na ang pagsuspinde ay hindi pagkansela ng operasyon. Dagdag pa rito, pinaalalahanan din ng MGB ang Woggle na ayusin ang anumang pagsira sa kalikasan.

Tinanggap ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA) ang hakbang na nagbibigay-diin sa karapatang pantao ng mga residente ng mga apektadong komunidad.

Kinuwestiyon din ng PAHRA ang paggamit ng puwersa kaugnay sa naganap na pagtutol ng mga residente at kinausap ang mga awtoridad na alalahanin ang pagkansela sa permit kung sakaling may nagaganap na pagpupuwersa sa konsultasyon.

Nagtaka naman ang Woggle Corporation sa naganap na suspensiyon at nagbanggit na sapat ang kanilang permit. Nagbabala na maaapektuhan ang mahigit 1,200 empleyado at kontratista, at kasalukuyang nagsusuri ng mga legal na hakbang upang maprotektahan ang kanilang karapatan.

Batay sa ulat ng Climate Rights International na inilabas noong Nobyembre 4, 2025, sa pagtaas ng demanda para sa transitional minerals, tulad ng nickel, na ginagamit sa paggawa ng renewable energy technology, hindi nabibigyan ng agarang solusyon ang pagmimina upang maiwasan ang pagkasira ng kapaligiran at paglabag sa karapatang pantao.

Inilahad din ng CRI na patuloy na nagiging suliranin ang pagmimina sa Pilipinas dulot ng paglaganap ng mga mining company sa bansa na nagreresulta sa malawak at pangmatagalang pagkasira ng kalikasan na nakaaapekto sa kabuhayan ng maraming Pilipino sa iilang lokal na komunidad sa bansa.

Ang Pilipinas ay ang pangalawang pinakamalaking producer at nangungunang importer ng nickel sa buong mundo, kaya maraming kumpanyang minahan ang nagpapagawa ng permit sa MGB upang mapakinabangan ito.

KAMPUS EKSPRES

Nagkakaisang paaralan, lisang diwa

Delegado ng WorldSkills ASEAN Manila, Bumisita sa PCSHS

+ Kristine Nicole A. Baldo

Malugod na tinanggap ng Pasay City South High School (PCSHS) ang mga rehiyonal na delegado ng WorldSkills ASEAN Manila noong Agosto 29, 2025 na may temang "One School, One Country."

Pinangunahan ni Gng. Mary Ann Garcia ang programa na nagtampok ng mga sayaw pangkultura mula sa mga mag-aaral ng PCSHS at isang espesyal na pagtatanghal ng awit at sayaw mula sa mga kalahok ng ASEAN.

Bilang kinatawan ni Punongguro Dr. Felina P. Patagan, nagbigay ng mensahe si Dr. Basilisa D. Tomimbang, Public School District Superintendent Cluster 8. Binigyang-diin niya na ang pagtitipon ay hindi lamang pagpapalitan ng kagandahan at kalakasan ng kultura kundi isang pagdiriwang din ng pagkakaisa at iisang layunin para sa dekalidad na edukasyon.

"This gathering is more than an exchange of best practices — it is a celebration of our shared commitment to quality education and the holistic development of our learners. The theme 'One School, One Country' reminds us that while we represent different institutions, we are united as one nation in our mission to nurture the minds and hearts of the Filipino people," dagdag ni Dr. Tomimbang.

Dumalo rin sa okasyon ang mga delegado mula sa iba't ibang rehiyon at butihing alkalde Emi Calixto-Rubiano ng Lungsod ng Pasay.

Matapos ang programa, inilibot ng mga punongguro at mga student guide ang mga bisita sa mga pasilidad ng paaralan.

Itinampok ng pagdiriwang ang kolaborasyon, kultura, at pagkakaisa—patunay na sa PCSHS, tunay na iisang paaralan, iisang bansa.



PAGKAKAISA SA ASEAN. Malugod na tinanggap ng Pasay City South High School (PCSHS) ang mga rehiyonal na delegado ng WorldSkills ASEAN Manila noong Agosto 29, 2025 | Larawang kuha ni Sabiniano Christian Araña

KAMPUS EKSPRES

HASANG PANULAT

PhilStar, Nagsagawa ng Journalism Workshop

+ Hayden Lebas

Dumalo ang mga piling mamamahayag ng Pasay City South High School sa isinagawang dalawang sesyon ng The Philippine STAR Journalism Workshop Training, sa Sucat, Parañaque, noong Oktubre 18 at 25, 2025.

Layunin ng programa na palawakin ang kaalaman at kasanayan ng mga kabataang mamamahayag sa iba't ibang linya ng pamamahayag. Sa pangunguna ni G. Elijah Felice Rosales, Business Reporter ng The Philippine STAR, para sa News Writing, tampok dito ang pagtalakay sa kahalagahan ng pagpapanatili ng kredibilidad sa pagbibigay ng tiyak na impormasyon sa mga mambabasa.

Sinundan naman ito ni Bb. Katherine Magsanoc, The Philippine STAR Feature Editor, para sa Feature Writing, na siyang tumalakay sa mga estratehiya ng pagbibigay buhay sa isang kwento at mang-aliw ng mga mambabasa sa malikhaing pamamaraan.


Sa ikalawang sesyon, naging pokus ang pagbabahagi ni G. Miguel De Guzman, isang Photojournalist mula sa The Philippine STAR, ng kaniyang mga teknik na makapukaw atensiyon at magbigay ng biswal na konteksto.

Para sa pagsulat ng Editorial/Column, ibinahagi naman ni Bb. Iris Gonzalez, isang Business Editor at Kolumnista mula sa The Philippine STAR, ang kahalagahan ng pagiging masuri sa mga napapanahong isyu, bilang layon ng pagsulat ng editoryal at kolum ang magbigay ng opinyong base sa katotohan, suhestiyon, at manghikayat na masolusyunan ang isang suliranin.

Naging bahagi rin ng programa ang pagbibigay pagkakataon sa mga kabataang mamamahayag na malibot ang pasilidad at masaksihan ang aktuwal na proseso ng paglilimbag ng dyaryo ng isang pahayagan.



PULSO NG KATOTOHANAN. Sumailalim ang mga piling mamamahayag ng Pasay City South High School sa The Philippine STAR Journalism Workshop Training noong Oktubre 18 at 25, 2025 sa Sucat, Parañaque, upang hasain ang kanilang galing sa pagsulat at pagkuha ng larawan. | Larawan kuha ni Matthew Menor



LINGKOD-SCOUTING. Nakiisa ang mga Senior Scouts ng Pasay City South High School, sa pangunguna ni Scout Leader Markus Basia, sa community outreach program na "Isang Lapis, Isang Papel Para sa Munting Anghel" sa Tanay, Rizal noong Hunyo 29, 2025 | Larawan mula sa PCSHS Senior Scouts

KAMPUS EKSPRES

PUNDASYON SA EDUKASYON

PCSHS Senior Scouts, nakiisa sa Isang Lapis, Isang Papel Program

+ Euan James Dela Cruz

Pinamalas ng Senior Scouts ng Pasay City South High School ang tunay na diwa ng scouting at paglilingkod sa pakikibahagi sa isang community outreach program na "Isang Lapis, Isang Papel Para sa Munting Anghel," sa Tanay, Rizal noong Hunyo 29, 2025.

Pinangunahan ni Scout Leader Markus Basia, Cluster 8 Field Commissioner ang nasabing gawain katuwang ang PCSHS Eagle Scouts na sina Corban Reyes, Joshua Capitle Manabat, at Sydney Mordino.

Ayon kay SL Basia, ang gawaing ito ang nagbubukas sa puso't isipan ng seniors scouts ng PCSHS kung ano ang tunay na gampanin ng isang scouts.

Batay kay Warlak Reyes, tagapagtatag ng programa, layunin nito na suportahan ang edukasyon ng mga bata sa pinakamahirap na komunidad sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga pangunahing kagamitang pang-eskwela tulad ng lapis, kuwaderno, papel, at iba pang kagamitang pampagkatuto.

Binibigyang-diin ng programa ang kahalagahan ng edukasyon bilang isang karapatan, hindi isang pribilehiyo, at naglalayong maghatid ng pag-asa at inspirasyon sa mga batang kapos sa mahahalagang kagamitan.

Hindi lamang saya ang naihatid sa mga bata ng gawaing ito, kundi pinagtibay rin nito ang paninindigan ng mga scouts sa kanilang panunumpa: Pagtulong sa iba sa lahat ng pagkakataon.

Patuloy na sinusuportahan ng PCSHS Senior Scouts ang ganitong programa na humuhubog ng pagkakaroon ng malasakit, pananagutan, paninindigan, at pamumuno sa mga mag-aaral.

MULA SA PAHINA 02

BAHA NG KASAKIMAN

P625 milyong Flood Control Projects, iniimbistigahan ng COA

+ Audrich Pitalvo

Iniimbestigahan ng House of Representatives at Commission on Audit (COA) ang paggamit ng Php625.78 milyon ng DPWH para sa flood control projects sa Bulacan, tinatayang umabot sa Php342.66 milyon ang naubos sa substandard o hindi natapos na imprastraktura. Kasama sa imbestigasyon ang 13 inhinyero at 3 contractors. Patuloy ang pagkadismaya ng publiko, dahil tuwing may baha, hindi ang may posisyon sa senado ang unang naaapektuhan, kundi ang mga ordinaryong Pilipino. Kasabay nito, tinutukan ng mga awtoridad ang accountability at implementasyon upang matiyak na hindi na muling maulit at maprotektahan ang publiko sa hinaharap.

SA MGA NUMERO

BATAY SA ULAT NG COLLEGE EDITORS GUILD OF THE PHILIPPINES (CEGP), IPINAPAKITA NG DATOS NA UMABOT SA HUMIGIT-KUMULANG 1,000 ANG CAMPUS PRESS FREEDOM VIOLATIONS MULA 2010 HANGGANG 2024.

1000
TINATAYANG BILANG NG CAMPUS PRESS FREEDOM VIOLATIONS SA BUONG BANSA MULA 2010.

206
BILANG NG MGA KASONG NAITALA NOONG 2024 LAMANG.

06
KARANIWANG URI NG PAGLABAG: CENSORSHIP, RED-TAGGING, HARASSMENT, LIBEL THREATS, LOOTING NG PUBLICATION FUNDS, EXPULSION



GABAY SA PROPESYON. Isinagawa ng Pasay City South High School ang Project B.R.I.D.G.E. noong Disyembre 3, 2025, upang ihanda ang mga mag-aaral ng Ika-12 Baitang para sa kanilang nalalapit na work immersion at pagpasok sa mundo ng pagtatrabaho. | Larawan mula kay Sabiniano Christian Araña

KAMPUS EKSPRES

Paghahanda sa hamon ng tunay na mundo

Project B.R.I.D.G.E, pinaigting ang kahandaan ng mga mag-aaral

+ Euan James Dela Cruz

Matagumpay na isinagawa ang Project Building Real-World Industry Direction through Guided Experience (B.R.I.D.G.E) para sa mga mag-aaral ng ika-12 baitang ng Pasay City South High School noong Disyembre 3, 2025.

Bilang pambungad na pananalita ni Dr. Felina P. Patagan, Punongguro IV, ipinahayag niya ang kanyang paghanga at pagmamalaki sa mga mag-aaral ng PCSHS.

"Mga dear student, huwag ninyong sayangin ang ganitong mga oportunidad sapagkat ito'y para sa inyo. Kayo ang aming ipinagmamalaki," wika ni Dr. Patagan.

Bilang paglahad ng layunin sa pagkatuto, inilahad ng Master Teacher II Subject Group Head-Science, Technology, Engineering, and Mathematics, Gng. Editha F. Alimbuyuguen ang inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral sa pagwawakas ng programa.

Unang inanyayahan ni Gng. Dyesibel C. Garcia, Humanities and Social Sciences-English Coordinator, Bb. Sharon Joie S. Notario, Teacher II ng HUMSS-English, upang magbahagi sa mga mag-aaral ng mahahalagang kaalaman hinggil sa wastong kasuotan sa pagtatrabaho.

Sunod namang pinakilala ni Gng. Tar G. Gunayon, Master Teacher II SGH-Technical, Vocational, and Livelihood, G. Arnel B. Almedora, Teacher II- TVL na nagtalakay ng mga gabay sa wastong pag-uugali sa lugar ng trabaho at tamang asal sa pagsasagawa at pagsagot sa job interview.

Para sa huling tagapagsalita, ipinikilala ni Bb. Catherine C. Gonzales, Master Teacher II SGH-HUMSS-Social Science, ang tagapagsalita mula HUMSS-English, Gng. Theresa D. Hosawi, Teacher II, na naghandog ng kaalaman sa pagsulat ng isang resume para sa trabaho.

Sinimulan ni Gng. Bona B. Bernales ang open forum upang tugunan ang mga katanungan ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa kanilang work immersion na gaganapin sa ikatlo at ikaapat na markahan.

Sa bahagi ng open forum, tinanong ng isang mag-aaral mula STEM-Amity ang tungkol sa mga bagay na hindi dapat itanong sa isang job interview.

"Sa isang interbyu, huwag na huwag mong tanungin ang tungkol sa sahod dahil ito ay offensive para sa interviewer. Hayaan mo silang magbanggit nito," tugon ni Dr. Victor L. Tubilan.

Matapos nito, inilahad ni Gng. Mary Ann E. Garcia, Grade 12 Coordinator, ang mga mahahalagang petsa at layunin kaugnay ng work immersion. Ipinagkaloob din ang mga sertipiko sa mga tagapagsalita bilang pagkilala sa kanilang husay at ambag sa Project B.R.I.D.G.E.

Sa pagtatapos, inaasahan ang lahat ng mag-aaral ng ika-12 baitang na maisakatuparan ang mga kinakailangan para sa nalalapit na immersion.

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL | TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026

ANG BAGWIS
OPINYON
ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL
TOMO XX BLG. 1 HUNYO 2025 | PERBERO 2026



editoryal

MANIPULA SA KATOTOHANAN

Salungat sa realidad ang patuloy na pag-angat ng kabataan sa susunod na baitang kahit na hindi sapat ang kanilang kakayahan at kaalaman. Inihayag ni House Basic Education Committee Chairperson Representative Roman Romulo na nagiging normal sa ating sistema ang mass promotion, at labis itong nakaaalarma.

Batay sa datos na nakalap sa Second Congressional Commission on Education (EDCOM 2) noong Enero 26, 2026, sa nagdaang pagsusuri ng Early Language, Literacy, and Numeracy Assessment (ELLNA) at National Achievement Test (NAT), humigit-kumulang 70% ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang at 80% sa ikaanim na baitang ay may kakulangan sa pagkatuto—sila ay hirap sa pagbasa at matematika. Ito'y kamulatan na tayo ay nahuhuli sa edukasyon, at itinatago ng ating sistema ang tunay na kalagayan ukol sa pag-unlad ng mga mag-aaral.

Ayon kay Department of Education (DepEd) Undersecretary for Learning Systems Strand Carmela Oracion, dahil sa hindi pagdeliber ng epektibong edukasyon sa Pilipinas, ang mga bata ay hindi handa sa mas mataas na antas. Bunga ito ng katiwalian na naganap sa mga nagdaang taon sa DepEd. Isa ang kagawaran sa mga may malaking alokasyon sa pambansang badyet, at sapat lang ito upang mapagsilbihan ang taumbayan. Magagamit ang perang ito sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kabataan. Subalit, hindi ito napunta sa tama; patuloy na naghihirap ang mga mag-aaral at kaguruan—kulang sa pasilidad, sira-sirang kagamitan, mainit na silid-aralan, at kulang ang pagkilala sa paghihirap ng mga guro sa ating bansa.

Dagdag ni Romulo, walang kasalanan ang mga mag-aaral at guro sa suliranin ng mass promotion—ang mithiin na mapanatili ang mataas na bilang ng mga pumapasa ay tunay na may sala.

Harapin natin kung ano ang totoo; dapat nang matapos ang pagmamanipula sa katotohanan at gumawa ng aksyon para matugunan ang problema sa larangan ng edukasyon. Mahalagang may natututuhan ang mga bata sa paaralan at hindi basta-bastang pumapasa, sapagkat ang pag-aaral ay susi sa magandang bukas.

Bilang tugon sa isyung ito, ipinatutupad ng DepEd ang mga reporma at programang tulad ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) na naglalayong mapabuti ang foundational skills ng kabataan, lalo na sa pagbasa, agham, at matematika.

Ating pahalagahan ang mga aksyong ito upang makamit natin ang kaunlaran. Sa tulong ng mga proyektong hatid ng departamento, ang tagumpay ay ating matatamasa at ang datos na walang kabuluhan ay magiging impormasyong may katunayan. Tayo'y magtulungan nang sa gayon, ang isyu ng mass promotion ay tuluyang mapuksa.

LUPONG
PATNUGUTAN

Kristine Nicole A. Baldo
Punong Patnugot

Euan James L. Dela Cruz
Patnugot sa Balita

Yutomo Dominic P. Abiad
Patnugot sa Editoryal

Andrea Nicole Y. Gabon
Patnugot sa Lathalain

Alexandrea O. Argana
Patnugot sa Kolum

Jean Margarette Menor
Patnugot sa Isports

Marin Shanty Jear G. Barcellano
Patnugot ng Agham at Teknolohiya

Arrianna Mickhaela G. Serioza
Punong Dibuhista

Sabiniano Christian D. Araña Jr.
Patnugot ng Larawan

Loraine Joy M. Olilang
Punong Taga-anyo

MGA KONTRIBYUTOR:
Jazlyn Nicole G. Parcon
Jhon Christian Carl Modelo
Abdullah H. Baganian
Denise Rhada A. Saez
Sebastian Iñigo T. Dapul
Leezeth D. Macainag
Eugene Rutaquio
Bless Clho'e Andrada
Princess Nicole F. Laconico
Audrich James Pitalvo
Jommel P. Paredez
Carla Michaela Gernale
Jhun Marc Tangente
Scottie Bro Caunga
Princess L-Laine Ballester
Hayden Alexander M. Lebas
Stacy Janel F. Jardeleza
Shane Ann M. Tabuena
Maria Paulene M. Cabasug
Angel Mae L. Decena
Ralf Graean G. Loterte
Marco Angelo D. Largo
Matthew C. Menor
Ashley E. Ramos
Alecxander Peter A. Manuel
Akira Shane T. Sison
Xav Arquin B. Celso

Dr. Felina P. Patagan
Punongguro

Dr. Cynthia D. Abella
Kawaksing Punongguro

G. Victor L. Tubilan
Kawaksing Punongguro - SHS

Gng. Wilma V. Amores
Puno ng Kagawaran

G. Johnsen Jacob P. Cortes
Tagapayo

Gng. Jannet B. Tolosa
Kawaksing Tagapayo

Gng. Ruth M. Maestre
Kritiko



BISTADO

ANDREA NICOLE Y. GABON

Karanasan ng Katotohanan

Naalala ko na karanasan daw ang ating aral na hindi mawawala sa atin. Parang Experiential Learning Theory (ELT), tinutukoy dito ang pagkatuto bilang proseso kung saan nalilikha ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbabago o pagproseso ng karanasan. Parang narinig ko na 'yan. Sandali, balikan natin ang ating nakaraan.

Ayon sa Department of Education (DepEd), noong kanilang ibinahagi ang K to 12 curriculum, makatutulong ang programang ito sa education system para sa mga mag-aaral upang magkaroon sila ng kasanayan at umabot ang kanilang kakayahan sa propesyonal na lebel. Programa ito para sa ating mga mag-aaral; tatanggapin natin upang maging handa ang bawat henerasyon sa iba't ibang larangan na kanilang tatahakin. Ngunit wala naman pala kaming pagpipilian. Hindi ninyo kami sinasama sa inyong pag-uusap, kahit kami ang naaapektuhan.

Sabi ninyo, mas mapapaganda ang sistema ng ating edukasyon; 'yan din ang sabi ninyo sa mga pag-aaral ninyo. Noong isinakatuparan ang K to 12 Basic Education Program, mahigit 1,300 kawani ng Department of Education (DepEd) at mga stakeholder mula sa iba't ibang panig ng bansa ang nagbahagi ng "pinakamahuhusay" na praktika upang matiyak na ang bawat Pilipino ay makatatamo ng de-kalidad, naaabot, makabuluhan, at mapagpalayang batayang edukasyon. Gayunpaman, muli ninyo itong papalitan. Hindi pa ba kayo nahihilo sa mga pinaggagawa ninyo?

Kung inyong iisipin, pirma lamang ang kanilang gagawin kaya't wala silang pakialam sa atin. Hindi pa nila nasusubukang lumugar sa puwesto ng mga guro. Iba-iba ang aralin, paksa, at patakarang dapat sundin bawat taon. Tapos hindi ninyo pa sila kayang bigyan ng sahod na naaayon sa kanilang hirap. Ang mahal naman ng mga lab rats ninyo ngayon—kinabukasan ng nasyon.

Ipinatupad ang Strengthened SHS Curriculum simula sa S.Y 2025–2026. Ang pangunahing pagbabago ay ang pagbabawas mula sa apat na track tungo sa dalawa na lamang (Academic at Tech-Pro), ang pag-aalis ng mga espesipikong "strand" upang palitan ng mga "cluster ng electives," at ang pagbawas sa mga core subject upang higit na makapagpokus sa work immersion at pagpapaunlad ng mga kasanayan. Ano ba ang ginagawa ng mga mag-aaral sa work immersion? Sigurado ba tayo na ang kanilang natututuhan ay magagamit nilang karanasan sa kolehiyo. Hindi lang naman pagtatak at pagtsek ng papel ng mga guro ang aming ginagawa.

Itigil na natin ang kabaliwanna ito. Baka gusto ninyong alamin ang totoong kailangan ng bansa.

Hindi sistemang bulok o sira. Kailangan namin ng sistemang ipagtatanggol kami sa katotohanan. Hindi lamang masabing may pinatupad ay sapat na. Inyo ring tingnan ang mga proyektong inyong inilunsad upang malaman ninyong wala itong nagawa. O baka alam ninyo ang aming mungkahi ngunit ayaw ninyo lang pansinin. Pakinggan ninyo naman ang aming karanasan upang inyong malaman ang katotohanan.



ASINTADO

PAULENE CABASUG

Paalam, aking matalik na kaibigan

Sa paglipas ng panahon, aking napagtanto na hindi lamang kaibigan ang puwedeng lumisan sa ating buhay. Pati rin pala ang wikang una nating minahal.

Isang makabuluhang usapin ang pagtanggal ng wikang Filipino bilang subject sa kolehiyo. Ayon sa Commission on Higher Education (CHED), ang mga mandatoryong asignatura sa kolehiyo, CHED Memorandum Order No. 20, series of 2013 ay inilunsad sa kadahilanang aayusin ang kurikulum, na ibinabalik ang mga paksang ito sa Senior High School (SHS), Junior High School (JHS), at Elementary.

Ang asignatura wikang Filipino ay nasa mababang edukasyon na raw. Sa katunayan iba-iba ang aralin sa bawat antas ng mga mag-aaral. Ayon kina Filipino Curriculum Head ng The Learning Library na sina Niki Calma at Arlene Reyes, isa sa mga orihinal na kasapi ng pangkat na bumuo ng kurikulum, ang mga antas ay nilikha batay sa itinakdang pagkakasunod-sunod ng mga aralin sa gramatika para sa bawat baitang. Makikita natin na hindi lamang isang pangunahing asignatura ang wikang Filipino. Hindi sapat ang pagsabing Pilipino kayo ngunit gamit ang wikang Ingles.

Mula sa datos ng National Achievement Test (NAT), ang Mean Percentage Score (MPS) sa asignaturang Filipino ay patuloy na mas mababa sa itinakdang 75% na antas ng kasanayan sa loob ng maraming taon, lalo na noong kalagitnaan ng 2010s. Bumagsak ang MPS sa 42.03% noong 2016 at lalo pang bumaba sa 39.95% noong 2017, hanggang sa umabot sa 37.44% noong 2018, na pinakamababang naitala sa panahong iyon.

Bakit hindi natin unahin ang pag-aayos ng sistema ng edukasyon at hindi ang pagtanggal ng mga paksang hindi pa rin nahahasa ang nakararami? Baka nga hindi ang kaguruan at mga mag-aaral ang problema, kundi ang mga taong nakaupo na hindi nakikinig sa mga taong dumaranas ng hirap ng sistemang mayroon tayo.

Ika ng CHED, upang maging "globally competitive." Globally competitive? Napasobra na yata ang pagsabi ninyo ng "Ayaw ko na sa Pilipinas," ni wika nito ay hindi ninyo kayang irespeto, habang kayo ay nakatapak pa rin sa kanyang kagandahan. Ayon din sa ating 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, partikular sa Artikulo XIV, Seksyon 9. Itinatag ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na may tungkuling paunlarin at palaganapin ang Filipino bilang wikang pambansa.

Paano rerespetuhin ng ibang bansa ang ating ipinaglalabang bayan kung tayo ang unang sumusuko rito?

> Nakalulungkot ang apat na taong pag-aaral at pagsasapuso ng "Para sa Bayan, Para sa Bata" ng bawat kaguruan ng Filipino. Layuning magbigay-liwanag sa bawat kabataan patungkol sa wikang ating minamahal at ipinaglalaban, gayunpaman tayo ang unang sumuko.

Hindi ninyo nakikita ang bawat pagod at hirap ng mga guro sa pagtuturo. Hindi ninyo naman kasi ito nararanasan o kahit binibigyan ng halaga. Nariyan lamang kayo, nag-iisip ngunit hindi nagmamahal. Para sa papel ngunit hindi para sa bata. Parang nasa libro ngunit hindi para sa bayan. Para sa inyo ngunit hindi para sa amin.

Para sa aking kamag-aral, bato-bato sa langit, ang matamaan ay magalit. Baka ang pagtanggal ng wikang Filipino ay isang ginhawa sa inyo sapagkat ito ay nagsisilbing pabigat sa paksa para sa tambak-tambak nating gawain, ngunit hindi rin ba ang paksang Ingles? O kahit anong paksa?

Nawawala na ang tunay na pagiging Pilipino ninyo. Akala ko ba "buy local" pero ayaw "speak local?" Kung pabigat ang wikang Filipino sa inyo, na-wa'y habambuhay ninyo nang gamitin ang wikang Ingles, dahil 'yan para sa inyo ang mas importante.

Paalam, kaibigan. Sinusubukan kitang tulungan, ngunit ano ang aking laban sa mga nasa taas. Pilit akong pinipigilang umangat para sa bayan. Paalam, kaibigan. Gusto pa kitang makilala, ngunit baka hanggang sa henerasyong ito ka na lamang. Nawa'y makita nila ang iyong halaga. Sana'y kami'y iyong patawarin sa pagkalimot sa iyo. Paalam, kaibigan.

isang tanong, isang sagot

Sa panukalang pag-alis ng Filipino bilang asignatura, ano sa inyong palagay ang maaaring maging epekto nito sa mga mag-aaral?

> Bilang isang estudyante at Pilipino, naniniwala ako na ang Filipino ay hindi lang basta isang asignatura, ito ang wika na mas naiintindihan ng karamihan sa atin. dito tayo mas nakakapagpahayag ng ating damdamin, opinyon, at saloobin nang mas malinaw. kung aalisin ito, maaaring mahirapan ang ibang estudyante na mas maunawaan ang ilang konsepto, lalo na kung puro Ingles na lang ang gagamitin.

Efren Ethan Guanzon
12 HUMSS - FORTITUDE



WASIWAS

JOMMEL P. PAREDEZ

Sa Harap ng mga Multo

Hindi madaling harapin ang mga multo ng nakaraan, lalo na kung ang multong iyon ay binubuo ng libo-libong buhay na hindi na maibabalik, at patuloy na inaapakan sa bawat pagkakataon na binabanggit ang salitang "nanlaban" o "suspek."

Mula nang simulan ang kampanya Kontra Droga o War on Drugs ng dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte, naging pang-araw-araw na bangungot sa amin ang mga balita. Sa bawat headline na aking nakikita ay may nawawalang anak, nawawalang ama, nawawalang kapatid. Ngunit sa paglipas ng panahon, naging numero na lamang sila—mga buhay na madaling kalimutan, madaling isantabi at parang binabalewala. Kung noon ay naaawa ako sa bawat balita na aking nakikita, ngayon ay napalitan na ito ng galit, dahil mismong sistema na dapat prumotekta sa ating bayan ang nagiging dahilan ng pagkitil sa buhay ng mamamayan.

Ngayon, unti-unting bumabangon ang kanilang mga boses sa pamamagitan ng International Criminal Court (ICC). Para sa ilan, ang ICC case laban kay Duterte ay isang pag-atake sa soberanya ng Pilipinas, isang panghihimasok ng mga dayuhan. Bakit hindi na lang daw dito sa Pilipinas isagawa ang paglilitis? Ang aking sagot, dahil ang sistema ng hustisya mismo ay bulok at hindi maaasahan—marami sa mga pulis, opisyal, at hukom ay sangkot o natatakot, at ang kaso ay maaaring maging isa na namang paraan ng mga makapangyarihan upang takasan ang pananagutan. Kung sa Pilipinas pa maganap ang pagdinig, ay dekada pa ang kailangan matapos lang ang paglilitis

Bakit napunta si Duterte sa ICC? Tanong ng iilan: ito ay dahil sa sistematikong pagpatay. Ayon sa mga ulat ng human rights groups, nasa 12,000 hanggang 30,000 katao ang nasawi sa ilalim ng kanyang drug war—mula sa 6,000 na opisyal na bilang ng pulisya hanggang sa mas mataas na kinabibilangan ng vigilante killings at extrajudicial executions. Hindi ito ordinaryong krimen. Ito ay kasalanan sa sangkatauhan—malawak at sistematikong pag-atake sa sibilyan, karamihan ay mahihirap, walang laban, at walang tamang proseso.

Mga proyektong hindi kailanman sapat upang tumbasan ang nawalang buhay ang kanyang ipinagmamalaki. Kahit ano pang tulay ang kanyang ipinatayo, daanan lamang iyon patungo sa kamatayan para sa libo-libong biktima ng kampanya. Mga imprastraktura na binayaran ng dugo ng taumbayan, ginamit lamang upang itago ang sakim na kapangyarihan, malupit at mapanirang paraan ng pamamahala sa ating bayan. Maaari bang ipalit ang isang buhay sa isang tulay? Maaari bang tawaging "disiplina" ang walang-hiyang pagpatay na labag sa batas?

Ang ICC case ay hindi lang tungkol kay Duterte. Ito ay tungkol sa atin —sa aking pamilya, sa aking mga kaibigan, sa mga bata na lumaki na may takot sa pulis. Maayos na Pilipinas ang gusto nating iwan sa susunod na henerasyon. Isang bayan na mas pinoprotektahan ang makapangyarihan. Isang bayan na may tapang na aminin ang mali at bigyan ng hustisya

SUNDAN SA PAHINA 08



DIBUHO NI ABDULLAH BAGANIAN



BUSISI

CARLA GERNALE

Intindihin ninyo ang aking katatagan

Ang hirap intindihin ang mga bagay-bagay sa mundong ito. Hindi ko na alam kung ang utak ko ba ang may problema o ang sistemang sinasabi nilang "matatag."

Sa ating bansa ngayon, isa sa pinakanakawiwindang na usapin ang krisis sa pag-aaral ng pagbabasa, ayon sa Second Congressional Commission on Education (EDCOM 2). Ang mga pagtatasa sa maagang baitang na isinagawa noong Hulyo ay nagpakita na 15 porsiyento lamang ng mga mag-aaral ang nagbabasa sa antas ng baitang.

Matagal nang nakababahala ang ating mga resulta sa datos patungkol sa pag-unawa sa pagbasa, mapa-Ingles o Tagalog man. Hindi na ito bago, ngunit ngayon lamang kayo nababahala. Hindi na alam kung sino ang sisisihin sapagkat kahit anong solusyon ay tila hindi na gumagana. Lahat na yata ang may sala—mag-aaral, guro, sistema, at bayan. Kailan natin babaguhin ang bulok na sistema?

Sistemang palaging iniiba ngunit wala namang nagiging resulta. Madalas nating sisihin ang sistema sapagkat hindi na natin nasusundan ang kanilang mga nais. Kadalasang dahilan ay para tayo ay makasabay sa ibang bansa, kagaya na lamang ng K to 12 curriculum na ipinatupad noong school year 2012–2013 ng Department of Education (DepEd). Makisabay sa ibang bansa ang palagi nating nais, ngunit ang totoo nating kailangan ay sistemang para sa ikabubuti natin, hindi para magpasikat sa ibang bansa. Huwag nating hintayin na sa makalawang na utak tayo makilala at hindi sa katalinuhan. Sistemang para sa bayan at sa bata.

Gasgas na sa tainga ng nakararami ang "Para sa Bayan, Para sa Bata"

> Paano matututo ang mga mag-aaral kung masyado ninyong sinasapuso ang mass promotion sa mga paaralan? Umaabot ng kolehiyo ang isang mag-aaral na hindi marunong magbasa. Kolehiyo? Mas magaling pang magbasa ang nasa ikatlong baitang kaysa sa mag-aaral na naghahanda para sa pagiging propesyonal.

Pinapasa dahil dapat walang naiiwan, ngunit ang katotohanan, sila ang naiiwan ng panahon at katalinuhan.

Kadalasan nating sinisisi ang mga guro sa kanilang paraan ng pagtuturo o sa hindi pagtuturo, ngunit paano kung ang taong iyon ay nakasarado na ang puso at isipan sa kaalaman? Mahirap umangat sa buhay kung hindi mo kayang tulungan ang sarili mo. Hindi buong buhay ay may guro kang matatakbuhan, gurong ipagtatanggol ka, at gurong magtuturo ng bawat salita. Kailangan nating tumayo sa ating sariling mga paa at magbasa nang may sariling pag-unawa. Subukan ninyong magbasa ng libro kaysa sa mga kuro-kuro sa internet; baka sakaling maunawaan ninyo ang inyong binabasa. Hindi ba sila na ang bahala sa kanilang mga sarili? Mayroon tayong kakayahang magbasa araw-araw. Hindi kinakailangan ng mamahaling libro o kahit ano pa upang magbasa. Kung ito talaga ang inyong nais, kahit anong kahirapan ay hindi magiging hadlang sa inyo ang pagkatuto. Tama na ang pagsisi sa iba; tingnan ninyo muna ang sarili ninyo sa salamin.

Kinakahiya natin ang ating mga datos, ngunit ito ang katotohanan ng ating bansa. Kahit anong pagtaboy natin dito, hindi ito lilisan kung hindi natin pagtutulungan. Kailangan tayo ng mga kabataan at mag-aaral upang maging boses nila, ngunit kailangan din nilang tulungan ang kanilang mga sarili. Kailangan ng reality check ng mga guro upang muling maramdaman ang puso sa pagtuturo. Kailangan nating gisingin ang sistema at lipunan dahil tayo rin ang naaapektuhan. Kailangan nating magtulungan upang ating maintindihan ang katatagan ng librong ating binabasa.

Wala nang sisihan kung sino ang mali kung lahat naman tayo ang may sala. Hindi lamang dapat iisang sektor ang kikilos; dapat ito ay pagtutulungan.

Paano ninyo mapapanatiling matatag at makabansa ang mga bata?



LANTARAN

SHANTY BARCELLANO

Hindi sila Sirang Makina

Madalas nating marinig ang salitang "factory reset" kapag tumutukoy sa mga bagay na may kinalaman sa makina o teknolohiya. Ngunit sa kasalukuyan, hindi na lamang ito ginagamit sa ganitong konteksto. Maririnig na rin ito sa iba't ibang panig ng mundo dahil sa sumisikat na "factory reset trend" sa social media na umiikot sa usapin ng sekswalidad at identidad ng isang tao

Ganito ang nilalaman ng trending na ito: ipinapakita sa mga video ang isang kasapi ng LGBT community na tila "nagbabalik-anyo," kung saan bigla na lamang siyang magkakagusto sa lalaki o sa babae, depende sa kaniyang kasarian. Sa madaling salita, ipinahihiwatig nito na ang pagiging lalaki o babae ang tinatawag na "default stage," at kapag nagkagusto ka sa kapwa mo lalaki o babae, para kang "sira" at maaaring i-factory reset.

Nababalot man ito ng katatawanan at kadalasang binibigyang-katwiran sa linyang "biro lamang" o "nakikisabay lang sa uso," mahalagang pag-isipan kung tama bang gawing katatawanan ang ganitong paksa. Nauunawaan ko na may nagsasabing "bawal ang KJ," ngunit kung susuriin nating mabuti, kailangan nga ba talagang pagtawanan ang ganitong uri ng biro? Makatarungan bang bansagan itong "factory reset" na para bang isang sirang makina ang sekswalidad ng tao na dapat ayusin o ibalik sa dating ayos?

Sa totoo lang, matagal nang umiiral ang ganitong uri ng kaisipan bago pa sumikat ang trend na ito—ang paniniwalang ang pagiging queer ay isa lamang kalituhan at hindi isang lehitimong identidad. Hindi "phase" ang pagiging LGBTQIA+ ng ating mga kapwa.

Ang ganitong mga trend ay hindi dapat pinagtatawanan o ipinagsasawalang-bahala. Una, hindi basta-basta lamang ang epekto ng social media; maaari itong makaapekto sa kalusugang pangkaisipan ng mga kabataang LGBTQIA+, lalo na sa paraan ng pagtingin nila sa kanilang sarili. Ayon sa Philippine National Survey on the Mental Health of LGBTQ+ Young People noong 2024, 74% ng LGBTQ+ na kabataan ang nakaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang sexual orientation at gender identity, at 64% ang nag-ulat ng sintomas ng depresyon at anxiety. Dagdag pa rito, halos dalawang-katlo o 63% ang tumitingin sa kanilang identidad bilang pabigat, at mahigit kalahati o 58% ang nagsabing hindi sila komportable na magpakatotoo sa kanilang sarili.

Pangalawa, hindi sila sirang makina na kailangang ayusin. Pangatlo, walang "factory reset" sa ganitong usapin. Darating din ang araw na magiging laos na ito, ngunit ang pinsalang dala nito ay hindi basta-basta nawawala. Tandaan natin na ang bawat salita ay may bigat at may epekto sa bawat indibidwal. Maaaring nagdala ng saya ang trend na ito sa ilan, ngunit ang mga trending na bumubura sa pagkatao ng iba ay nag-iiwan ng sugat at peklat na mas tumatagal pa kaysa sa mismong kasikatan nito.



DIBUHO NI ARRIANNA MIKHAELA G. SERIOZA

MULA SA PAHINA 07

ang mga nawalan. Iisa lamang ang dapat nating panigan: ang katotohanan at ang taumbayan. Huwag tayong maging bulag—hindi lamang sa mga kasinungalingan ng mga mapanlinlang, kundi lalo na sa mga buhay na walang-kabuluhang nasayang. Dahil sa huli, hindi ang lakas ng isang lider ang tunay na sukatan ng kadakilaan, kundi kung paano niya pinangalagaan ang buhay ng kanyang nasasakupan.

At kung patuloy nating tatakasan ang mga multo ng nakaraan, baka dumating ang araw na tayo na mismo ang maging multo—mga boses na hindi naririnig, mga buhay na hindi binigyang-halaga at patuloy na humihingi ng hustisya.



BISTADO

KRISTINE NICOLE A. BALDO

Kanibalismo

Masarap kumain ng iba sa ating nakasanayan, ngunit kadalasan ang pagkaing iyan ay kalahati na kaagad ng kita ng aking magulang. Tila sa unang kagat, kahirapan kaagad. Mahirap lumunok kapag walang-wala na kayo. Para mong nilalamon ang sarili mo.

Sa nagdaang pagtitipon ng Senado, nagpahayag ng suporta ang mga senador sa panukalang ipinahayag ni Senador Rodante Marcoleta patungkol sa pagtaas ng sahod at benepisyo para sa mga opisyal at manggagawa ng barangay. Ayon sa Local Government Code of 1991, ang mga opisyal ng barangay ay dapat bayaran sa halagang hindi bababa sa P1,000 bawat buwan para sa mga Punong Barangay, P600 kada buwan para naman sa mga miyembro ng Sangguniang Barangay. Ngunit para sa senado, ang kanilang sahod ay hindi akma sa hirap ng kanilang trabaho. "Mahirap na trabaho." Bakit mayroong bang madali?

Sa kasalukuyang panahon naman, ang minimum wage ng isang manggagawa ay 695 pesos kada araw. Sa isang araw, kailangang pagkasyahin ng bawat pamilya ang kanilang sahod sa lahat ng gastusin nila. Kung iyong iisipin, hindi naman ito imposible kung kaangkop-angkop ito sa mga bilihin na kagaya ng ipinangako na 20 pesos bawat kilo na bigas ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Ngayon isang bote ng tubig na lamang ang mabibili sa bente pesos, isang bote ng tubig at pawis ang baon sa bawat kahirapan ng araw.

Hindi na nakapagtataka kung ang sigaw ng mga trabahador ay "taas-sahod," ngunit masakit isipin na pili lamang ang hirap na inyong nakikita. Ang mga opisyal lamang ba ng barangay ang naaapektuhan sa hirap ng buhay? Tingnan ninyo ang paligid ninyo—ang mga mamamayang Pilipino na walang sawang nagtitiis sa salaping mayroon sila. Nawa'y makita ninyo ang aming halaga.

Hindi na kailangan ng inspirasyon ng mga opisyal at manggagawa ng barangay, ngunit kailangan natin ang pag-angat ng bawat isa—hindi lamang sa isang parte ng lipunan kundi panlahat. Kung totoong may malasakit sila, alam ninyo ang nararapat na taas-sahod—hindi lamang para sa inyo, kundi para sa lahat ng manggagawa sa bansa.

Kaya't palagi kong tinatandaan ang bilin ng aking magulang: pahalagahan mo ang bawat salaping mayroon kami, sapagkat hindi agarang maibabalik ang pera o pagod na kanilang ginawa. Kapalit ng isang piso ay ilang oras ng kanilang buhay. Naawa na nga ako sa aking ama na nasa sistema ng minimum wage at sa aking ina na kabilang sa mga manggagawa ng barangay. Umaga hanggang gabi ang kanilang pagpapagod, ngunit ubos kaagad sa aming hapag-kainan, sa kabila ng kanilang pagsakripisyo ni minsa'y hindi ko sila narinig na nagrereklamo. Ika ni Nanay, hindi para sa sahod ang kanyang serbisyo kundi para sa tungkulin sa bayan. Hindi rin sa paraan ng kasakiman ang trabaho ng aking ama—katotohanan at karangalan.

Pinahahalagahan natin ang ating mga salapi; nawa'y tayo rin ay bigyang-halaga ng bawat pribadong sektor at ng gobyerno, sa dugo't pawis na ating ibinubuhos para sa bayan. Baka nga hindi na lamang ito tungkol sa salapi, kundi sa karapat-dapat na sahod ng bawat mamamayang nagtatrabaho—hindi lamang para sa kanilang pamilya, kundi pati sa bansa.

Ayaw kong umabot sa puntong mag-away tayo para sa mas mataas na sahod kung lahat naman ay karapat-dapat. O kaya'y sa puntong wala ng natirang pera para makabili ng pagkain. Ano na lamang ang ating kakainin? Ang sarili natin? O ang sistemang nakapako sa taas-sahod at respeto?



PAHIMAKAS

LEEZETH MACAINAG

Ugat ng Kahirapan

Bilang isang mamamayan na araw-araw na nakakasaksi sa hirap ng buhay, malinaw na ang sahod ang ugat ng pag-asa ng bawat pamilya. Dito nakasandig ang pagkain sa hapag, matrikula ng mga anak, bayarin sa kuryente at tubig, at kaunting ipon para sa bukas. Kapag maliit ang kinikita, maliit din ang pagkakataong makaahon.

Kaya't hindi nakakagulat na ayon sa pinakahuling Tugon ng Masa survey ng OCTA Research, 45% ng mga matatandang Pilipino ang nagsabing ang pagtaas ng sahod ang dapat unahin ng pamahalaan, at 22% pa ang nagbanggit nito bilang kanilang pangunahing isyu. Ito ang pinakamataas na naitalang porsiyento mula noong Marso 2024—isang malinaw na indikasyon na mas lumalalim ang pangangailangan.

Mas mataas ang bilang na ito kumpara sa iba pang alalahanin tulad ng inflation at pagkontrol sa presyo ng bilihin, na dati nang nangunguna sa mga survey. Ipinapakita nito na kahit may ulat na bumabagal ang pagtaas ng inflation rate, hindi pa rin sapat ang ginhawang nararamdaman ng karaniwang Pilipino. Maaaring bumaba ang porsiyento sa papel, ngunit sa palengke at grocery, ramdam pa rin ang bigat ng presyo. Ang problema ay hindi lamang kung gaano kamahal ang bilihin—kundi kung gaano kaliit ang kinikita ng manggagawa.

> Ang tunay na kaunlaran ay nasusukat hindi sa laki ng ekonomiya, kundi sa kakayahan ng bawat Pilipino na m abuhay nang may dignidad, seguridad, at pag-asa para sa kinabukasan.

Madalas ipinagmamalaki ang paglago ng ekonomiya—ang pagtaas ng Gross Domestic Product, pagdami ng pamumuhunan, at pag-unlad ng negosyo. Ngunit ang tunay na sukatan ng kaunlaran ay hindi lamang makikita sa malalaking datos. Mas mahalaga kung nararamdaman ba ito ng ordinaryong manggagawa. Kung ang ekonomiya ay lumalago ngunit ang sahod ay hindi tumataas nang sapat, sino ang tunay na nakikinabang?

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), may libo-libong piso ang pagitan ng minimum wage at family living wage para sa pamilyang may limang miyembro. Kahit tumatanggap ng minimum na sahod, hindi sapat ito para sa pagkain, pabahay, transportasyon, edukasyon, at kalusugan. Ang malaking agwat na ito ay malinaw na patunay na hindi sapat ang kasalukuyang pasahod. Hangga't hindi itataas ang sahod para matugunan ang tunay na gastusin, mananatiling pangarap ang disenteng pamumuhay para sa marami.

Kung may malinaw na sigaw ang bayan ngayon, ito ay hindi lamang panawagan kundi pangangailangan. Kapag may sapat na kita ang mamamayan, mas lumalakas ang konsumo, mas umiikot ang pera sa lokal na ekonomiya, at mas tumitibay ang kabuuang sistema. Sa huli, ang tunay na kaunlaran ay nasusukat hindi sa laki ng ekonomiya, kundi sa kakayahan ng bawat Pilipino na mabuhay nang may dignidad, seguridad, at pag-asa para sa kinabukasan.

SILAKBO

Hangganan ng Hustisya

ni SEBASTIAN DAPUL



Ang hustisya ay hindi dapat matabunan ng alon ng politika. Sa bawat pag-ikot ng kapangyarihan at sa bawat pasilyo ng pamahalaan, may mga desisyong humuhubog sa kinabukasan ng bayan. Ngunit gaano man kalakas ang impluwensya, ang tama ay dapat manatiling malinaw. Ang lipunan ay hindi lamang umiikot sa numero at boto, kundi sa matatag na paninindigang igalang ang batas at pangalagaan ang karapatan ng bawat mamamayan.

Noong nakaraang buwan, inihain sa House of Representatives ang impeachment complaints laban kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., na naglalaman ng mga paratang tulad ng betrayal of public trust at umano'y paglabag sa 1987 konstitusyon. Sa ilalim nito, maaaring mapatalsik ang Pangulo sa ganitong mga batayan. Kung ang pinakamataas na opisyal ng bansa ang inaakusahan, lalong kinakailangan ang masusi, patas, at seryosong pagtalakay sa bawat alegasyon.

Gayunpaman, sa plenaryo ng Kamara, idineklara ang mga reklamo bilang insufficient in substance dahil umano sa kakulangan ng konkretong ebidensya. Pinagtibay ito sa botong 284 pabor, 8 laban, at 4 abstain. Sa ganitong kalaking agwat ng boto, hindi maiiwasang magtanong: sapat ba ang naging pagsusuri o nanaig ang impluwensyang politikal? Kung ang Pangulo ang inaakusahan, higit na dapat maging matatag ang proseso. Ang hustisya ay hindi nasusukat sa 284 boto—kundi sa tapang na harapin at suriin ang mga alegasyon nang walang kinikilingan.

Ang impeachment ay dapat maging instrumento ng pantay na timbangan ng batas at kapangyarihan, hindi sandata ng impluwensya. Ang proseso ay paalala sa lahat na ang hustisya ay dapat manatiling matibay at malinaw, hindi natutulungan o napapalubog ng politika. Panahon na para igiit natin bilang mamamayan na ang kapangyarihan ay magsilbi sa batas at hustisya, at ang pananagutan ay hindi nasusukat sa boto kundi sa tapang na panindigan ang tama para sa bayan.

ALISTO



Balakid ng kakapusan

ni JHUN MARC TANGENTE

Hindi makatarungan na nananatiling kapos sa pinansyal na tulong ang kabataang mamamahayag. Isang malaking sangkap ang pondo sa campus journalism at pinapakita nito ang tunay na suporta. Kailanman, hindi sapat ang katagang "Suportado namin kayo" sa tuwing may paligsahan.

Ang pamamahayag ay hindi lamang ekstrakurikular na gawain. Nagsisilbi itong tulay upang imulat sa realidad ang mga mambabasa at mailahad ang katotohanan. Hinuhubog ng campus journalism ang husay ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, pagiging matapang, at kakayahang manindigan. Hindi ito lubusang maisasakatuparan kung hindi matutugunan ang pangangailangan ng mga mamamahayag.

Labis ang paghihirap ng mga journalist sa bawat paaralan—napipilitang manghiram ng mga kagamitan, mabagal na internet connection, at nagtitipid sa papel at tinta para lamang makapaglimbag ng dyaryo. Ang panghihiram ng mga mahahalagang kasangkapan ay tunay na hadlang sa kalidad at kahandaan ng publikasyon.

Nararapat lamang na matigil ang balakid ng kakapusan sa badyet ng campus journalism. Hindi luho ang pagbibigay ng malinaw at sapat na pondo para makapagsiwalat ng totoo ang kabataan. Pamumuhunan ito sa abilidad ng mga mag-aaral na magsuri, magpahayag ng impormasyon, at punahin ang mali sa ating sistema. Para ito sa susunod na henerasyon ng mga mamamahayag, pinuno, at responsableng mamamayan.

Kung tunay nating kinikilala ang halaga ng malayang pamamahayag sa lipunan, dapat itong magsimula sa loob ng paaralan. Hindi nasusukat ang suporta sa palakpakan at mga papuring walang saysay. Konkretong aksyon ang ating kinakailangan—paglalaan ng pondo, pagbili ng kinakailangang kagamitan, at pagtitiyak na ang bawat campus journalist ay may sapat na pinagkukunan upang magampanan nila ang kanilang tungkulin. Wakasan natin ang pinsalang dulot ng kakulangan.



DIBUHO NI JAZLYN NICOLE G. PARCON

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL
| TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026



KOMENTARYO

EUGENE RUTAQUIO

Pustahan ng Pangarap

Nararapat lamang na matigil ang operasyon ng online sugal dito sa Pilipinas, sapagkat nakababahala na marami ang lulong dito. Karamihan sa mga mambabatas ang patuloy na isinusulong ang polisiya na mapuksa ang paglalaro ng sugal online sa ating bansa.

Ilan sa mga opisyal gaya nina Manila Representative Bienvenido "Benny" Abante Jr., Akbayan Partylist Representatives Chel Diokno, Perci Cendaña, at Dadah Ismula, Dinagat Islands Representative Kaka Bag-ao, Senador Juan Miguel Zubiri, at Senador Risa Hontiveros ay naglalayong pigilan ang pinsalang dulot ng online sugal sa Pilipinas. Makatutulong sa atin ang kanilang mithiin dahil maraming Pilipino ang lubog sa larong ito at winawaldas nila ang kanilang pera sa walang kabuluhang bagay.

> Nakaaalarma at hindi biro ang datos na ito; patunay lamang ito na nakararami sa atin ay pinapahamak ang kanilang kaunlaran, dahil walang kasiguraduhan ang pagkapanalo rito.

Ayon sa Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCor) Chief Alejandro "Al" Tengco, halos 10 milyong Pilipino ang naglalaro ng sugal online, at mayroong 32 milyong rehistradong accounts sa mga ito. Nakaaalarma at hindi biro ang datos na ito; patunay lamang ito na nakararami sa atin ay pinapahamak ang kanilang kaunlaran, dahil walang kasiguraduhan ang pagkapanalo rito.

Malawak ang bilang ng mga Pilipinong naghihirap sa buhay, ngunit sila rin ang lulong sa mga online sugal. Walang kaunlaran na maidudulot ang mga larong ito, sa kadahilanang mas lulubog sila sa utang. Maging ang kabataan ay sangkot sa mga gawaing ito—batay sa datos na nakalap ng Capstone-Intel, 66% ng nagsusugal ang may edad na 18-40. Hindi kailanman magiging solusyon sa kahirapan ang sugal; mas lalo lamang sinisira ng mga ito ang ating kinabukasan.

Itigil natin ang pagkahumaling sa mga bagay na walang saysay. Pasakit lamang sa ating pasanin ang idudulot ng online sugal; mas madadagdagan ang gastusin natin. Hindi tayo uunlad kung hindi titigilan ang gawaing ito.

Manawagan tayo sa lahat ng opisyal na ipasa ang mga polisiyang makatutulong upang tuluyang mapuksa ang problemang dulot ng sugal online—tulad ng House Bill No. 1351 o Kontra E-Sugal Bill.



DIBUHO NI JHON CHRISTIAN CARL MODELO

VERITAS

Ninakaw na buhay

ni EUAN JAMES DELA CRUZ



Nakasusuklam isiping kung sino pa ang inaasahan ng bayan sa pag-unlad, ito pa ang magdudulot ng kapahamakan sa sanlibutan. Huwag nating hayaang patuloy na mamayagpag ang kasakiman. Sanhi ito ng samu't saring kahirapan at kaguluhan ng bansa.

Nananatiling banta sa mamamayan ang katiwalian sa loob ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Kinumpirma ni DPWH Secretary Vince Dizon na mataas ang bilang ng flood control project coordinates sa Sumbong sa Pangulo website, na hindi tama, bunga ng maling datos mula sa nakaraang pamunuan. Patunay ito na malaki ang pagkukulang ng pamahalaan at walang malinaw na kasiguraduhan kung saan napunta ang pondong nakalaan sa pagpapatibay ng kaligtasan mula sa banta ng baha.

Huwag nating kalimutan ang harap-harapang panloloko ng mag-asawang Discaya. Nadiskubreng sa kabila ng pagdeklarang natapos na ang flood control project noong taong 2022 sa Jose Abad Santos, Davao Occidental, nagsimula lamang silang gawin ito noong Setyembre 2025. Nakulimbat nila ang 96.5 milyong piso mula rito, kaya mapagtatanto natin na naibulsa nang mga Discaya at mga opisyales ng DPWH ang kaban ng bayan. Tiyak na hindi sila magkakaroon ng lakas ng loob kung walang taong tumutulong mula sa loob ng ahensya. Patunay na hindi sinusubaybayan ng DPWH ang mga proyektong isinusulong.

Nakadudurog ng pusong malaman na kasabay nito, sunod-sunod ang sakunang ugat ng kawalan ng maayos na pagpaplano sa pagpapatayo ng mga inprastraktura. Tulad ng lindol sa Cebu noong ika-30 ng Setyembre 2025 na nagtala ng 72 kataong nasawi. Mababa man para sa iilan, subalit malaki ang epekto nito sa pamilya ng bawat biktima. Kung maayos ang plano ng DPWH, walang sinuman ang mababawian ng buhay. Kahit pa sabihing nakulong si Sarah Discaya, walang katumbas na kaparusahan para sa kaniya— buhay ang nawala kaya't dapat din siyang hatulan ng kamatayan.

Saksi ako sa taon-taon na pagsasaayos ng kalsada sa bawat barangay, subalit ramdam pa rin ang sakuna sapagkat substandard at tinapalan lamang ito basta-basta nang walang konkretong pagpaplano at pagpapaalam sa publiko. Masasabing nagpapakitang-gilas lamang ang DPWH at marami pa silang tinatagong anomalya.

Dapat ding managot ang mga taong nasa likod ng isyu at may pakana ng pambubulsa sa pera ng publiko. Tayo bilang mamamayan, gampanin nating magsilbing boses para sa sariling kapakanan, huwag itong sayangin at gamitin ito upang punahin ang kamalian at kakulangan ng pamahalaan. Hindi lamang natin basta karapatan ang pangingialam, bagkus isa itong kapangyarihan. Sama-sama nating patayin ang maruming sistema sa bansa, lalo pa't nakasalalay sa kamay natin ang kaligtasan at kaayusan ng bawat isa.

Imulat ang mga mata sa reyalidad, nang sa gayon makita ang tunay na halaga ng kamalayan.

Kristine Nicole A. Baldo
Punong Patnugot

Magandang umaga, Punong Patnugot!

Nawa'y nasa mabuti po kayong kalagayan. Ako si Virgilio Jr. C. Cantong. dati ring mag-aaral at mamamahayag ng PCSHS, nais ko lamang sanang itanong ang pananaw ng pahayagan hinggil sa usaping "mass promotion" ng mga mag-aaral. Ano po kaya ang maaaring maging gampanin ng pahayagan sa isyung ito?

Maraming salamat po!

Magandang Araw, Virgilio!

Maraming salamat sa iyong liham. Ang usaping "mass promotion" ay isang sensitibong isyu sapagkat may dalawang mukha ito—maaari itong makatulong sa ilang mag-aaral na mabigyan ng pagkakataong makabawi, ngunit maaari rin nitong maapektuhan ang kalidad ng edukasyon kung hindi maingat na ipatutupad. Mahalaga na ang anumang desisyon ukol dito ay nakabatay sa malinaw na pamantayan at isinasaalang-alang ang tunay na kakayahan at kahandaan ng mga mag-aaral.

Bilang pahayagan, tungkulin naming magbigay ng tamang impormasyon at magsilbing daluyan ng iba`t ibang pananaw upang magkaroon ng mas malalim at makabuluhang talakayan tungkol sa isyung ito.

Lubos na sumasainyo,
Kristine Nicole A. Baldo
Punong Patnugot



DIBUHO NI ARRIANNA MIKHAELA G. SERIOZA

GARANTISADO



Putik ng kanilang Konsensya

ni ALEXANDREA ARGANA

"Hindi mahirap ang Pilipinas." Linyahang tila ba kay hirap paniwalaan bilang isang mamamayang lumulubog na ang pag-asa sa bayan. Sa bawat darating na tag-ulan, ang mga Pilipino ay naghahanda na—hindi para sa pagdiriwang o kasiyahan, kundi para sa pagdating ng alon ng kasakiman, ang alon ng korapsyon.

Kagaya na lamang sa mga lugar kung saan madalas at mabilis nararanasan ang pagbaha, ang mga naninirahan sa iba't ibang lungsod ng Pilipinas ay naniniwala na lamang na ang pagbaha ay "normal." Paano ito nagiging "normal" kung bilyon-bilyon ang pondo na napupunta sa kamay ng Department of Public Works and Highways, local government, at mga contractor? Patuloy ang pagtaas ng tubig kasabay ng pagbaba ng tiwala ng mga Pilipino.

Ayon sa pagsisiyasat ng Malacañang, mahigit 6,021 proyektong nagkakahalaga ng higit 350 bilyon ang hindi man lamang tinukoy kung anong uri ng istrukturang itinayo. Mula sa papel, mas marami na ang flood control project na natapos kaysa dati, ngunit para sa mga residente, ito ay isang kasinungalingan habang kanilang natatanaw ang harap na nararanasan ng bawat isa—pagtawid sa mga bahang kasintaas ng mga perang ninakaw ng mga politiko, pagtambak ng mga sandbag sa pintuan ng kanilang mga bahay habang nagpapatayo ng mga bagong tahanan ang mga politiko, at paglusong ng mga mag-aaral sa daanang kasimputik ng kanilang konsensiya habang ang kanilang mga anak ay nag-aaral sa mga kilalang paaralan. Mga anak ninyong tumatanggap ng bawat hinanakit namin ngayon.

Mula sa anak na nagmamalasakit, ating pag-usapan ang buhay ng totoong may malasakit. Hindi ninyo kasalanan ang buhay na ibinigay sa inyo; gayunpaman, kasalanan ninyo na kung kayo ay mananatili rito. Nawa'y bilang susunod na henerasyon, ating itama ang kasakiman ng ating mga magulang. Huwag tayong umikot sa mundong walang katotohanan at malasakit sa bayan. Patunayan natin na hindi tayo ang susunod sa anumang kamalian na ginawa ng ating mga magulang—iyan ay kung ito talaga ang inyong nais. Kung kayo ay takot mawala ang inyong kayamanan, kasinsakim na rin kayo ng inyong mga magulang. Matakot na kayo kung wala na kayong awa sa mga Pilipino; susunod na kayo sa yapak ng kahayupan ng inyong mga magulang.

Ang kanilang buhay ay umiikot sa kaban ng bayan habang sila ay nakasilong sa ginhawa gamit ang produkto ng pagod ng bawat Pilipino. At kung sila ay tatayo sa kanilang mga upuang hindi nila mabitiwan, makikita nila ang mga kamay na pabitiw na at mga matang bakas na bakas ang pagod mula sa mamamayang Pilipino—mga Pilipinong kanilang binigyan ng isang salita, mga Pilipinong patuloy na umaasa sa pag-ahon sa hirap ng buhay sa tulong nila. Ngunit ang katotohanan, ginagamit nila tayo upang umahon sa kanilang mga buhay.



PANAWAGAN

Kabataan ang Sandigan

ni YUTOMO DOMINIC ABIAD

Mahirap tanggapin na sa kabila ng tapat na serbisyong binibigay ng Sangguniang Kabataan (SK), hindi pa rin ito sapat upang patunayan sa iilan na karapat-dapat itong manatili sa lipunan. Hindi natin dapat hayaang tuluyang mawala ang Sanggunian. Isa itong malaking kabawasan sa pagpapatibay ng ugnayan ng pamahalaan at kabataan.

"To abolish the SK is to erase decades of struggle by young people who demanded their rightful space in governance. It hands over youth power to traditional politicians, and we will not allow that," pahayag ni Angela Diamartin, National Chairperson of Student Council Alliance of the Philippines (SCAP). Base rito, makikitang gusto lamang ng gobyernong mapasakamay nila ang kapangyarihan ng SK para sa sariling interes.

Hindi malayong bumase rin sila sa isyu nitong ika-13 ng Setyembre 2025 sa lungsod ng Manila, tinutukoy sa isyung ito ang pagsagawa ng "mandated" mental health seminar sa Thailand. Nagsimulang umugong ang isyung ito dahil sa isang larawang kumalat online na "nagha-happy-happy lang" ang mga SK Officials.

Ngunit, walang katuturan na tanggalin ng gobyerno ang Sanggunian, sapagkat sa dami ng opisyales nito sa bansa, sila lamang ang gumawa nito. Tulad ng pamahalaan na may mas malalaking buwaya, maihahalintulad ito sa SK na hindi lahat ng opisyal ay gagawin ang masamang bagay dahil sa kasakiman. Huwag tayong magbulag-bulagan at bigyang-prayoridad ang ugat ng problema.

Bilang kabataan, hindi maitatangging namulat na tayo sa murang edad pa lamang. Nakita ko sa sariling barangay ang kawalan ng programa at proyekto para sa kabataan, subalit mapalad ako dahil nakita at naramdaman ko ang kahalagahan ng SK mula sa ibang barangay. Mayroon silang mga platapor-ma na nagbibigay ng kaalaman sa iba't ibang barangay. Mapatutunayang makabuluhan ang SK, ngunit tayo bilang bata ang may kapangyarihan upang bigyan ng posisyon ang mga kandidato, kaya siguraduhing bumoto nang matalino at iboto ang matalino na may tunay na malasakit.

Sa halip na tanggalin ang SK sa bansa, mainam na paigtingin at pagtibayin ito sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga proyektong isinusulong para sa kabataan upang masiguro ang kaayusan. Mahalagang mayroong maliit na pundasyon ang bawat kabataan, sapagkat higit nitong mapagtutuunan ng pansin ang kinaikailangang tulong. Hindi madaling maging isang SK, subalit lagi nating tatandaan na ginagawa nila ang lahat ng makakaya para sa kapwa kabataan tungo sa malayang bukas.

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKA
| TOMO XX BLG. 1 | H

Isang Hakbang, Trilyong martsa

Tagaktak ang init, nakasusunog na sikat ng araw sa balat. Alintana ang pawis na tila buong katawan ay basang-basa't naligo na, pagod na tila nagbubuhat ka ng buong bansa. At kahit anong uhaw at paos kasisigaw, paninindigan sa katarungan pa rin ang presensya'y aalingawngaw.

Ito ang Trillion Peso March, isang pagmartsa sa pag-aksyon sa korapsyon at mga anomalyang pangyayari sa pamahalaan. Naglalayon itong ipakita at ipabatid na galit ang mamamayan– galit sa korapsyon, galit sa mga taong walang konsensya at integridad na waring kayang manlamang at mang-abuso sa kanilang kapwa.

Sa dinami-rami ng destinasyon, sa Trillion Peso March sa Luneta pala ang patutunguhan. Ang siyang Luneta Park na dating simbolo ng kalayaan at pagkakakilanlan, ngayon ay waring nabahidan na ng dahil sa kanilang kasakiman. Lugar na noo'y simbolo ng kabayanihan, representasyon na rin ng bawat sigaw ng mamamayan. At ang dating himlayan ng ating bayaning si Jose Rizal, himlayan na ng kanilang pagdarahop at kanilang 'di marinig-rinig na pagsasamo para sa pagbabago.

Sa bawat tinig ng taumbayan, iba-iba ang pinanggagalingan; sa bawat hakbang, iba't ibang rason ang kanilang pinagsisikapan; at sa bawat pagpapahinga nila, alam nilang ang pagod ay hindi nasayang, bagkus isang paalala na matindig silang lumaban– para sa kanilang sarili, para sa mamamayan, at para sa kanilang dinadakilang bayan.

Tatlong trilyon na ninakaw, Trillion Peso March ang kaakibat. Hindi biro ang ganito kalaking salapi, kung mamarapatin ay malayong-malayo ito sa kinikita ng isang normal na manggagawa kahit pa magtrabaho siya ng isang buong taon o dalawa. Samantala sila, tila ang pera ay pinupulot lang sa kalsada at waring kung makagasta, ang buong bangko ay pagmamay-ari nila.

Sa kasalukuyan, dahil sa pagmartsang ito, nabibigyan na ng pagkakataon na mapanagot ang siyang tunay na mga may bahid at dumi ang kamay. Sa pamamagitan nito, mas namulat ang mga tao sa mga dapat nilang malaman, sa mga dapat nilang matamasa, at sa mga dapat nilang gawin para sa ating inang bayan.

Ang Trillion Peso March ay hindi lamang isang protesta; isa ito pinagsama-samang paninindigan at kontribusyon ng mga taumbayan na mulat, may pakielam, at mayroong gustong gawin. Salamin ito na kahit pa ang pinaka maimpluwensiyang buwaya, kayang-kaya kapag tayo'y nagtulungan at nagsama-sama.

Bawat pagsigaw, may pinaglalaban; bawat pagtutulungan at pawis, magiging kanilang bagwis, para sa malayang bukas at maayos na lipunan.

Nang Lumuha ang Bansa

Sa bawat patak ng ulan sa bubong ng tahanan, minsang sumasabay ang pag-asa: pag-asa na may pamahalaang handang umalalay at mga pinunong tapat sa tungkulin na kanilang sinumpaan. Ngunit sa isang lungsod na matagal nang binabaha, hindi lamang ng tubig kundi pati ng katiwalian; ang bawat ulan ay nagiging paalala ng mas malalim na sugat na pilit itinatago ng kapangyarihan.

Tuwing bumubuhos ang ulan, nagiging ilog ang mga kalsada't pamayanan. Ang mga tao at kanilang kabuhayan ay napipilitang lumusong sa baha, at kasabay nito ay umaagos ang galit at pagkadismaya. Ang tiwala sa gobyerno ay unti-unting inanod, nawawala, at lumulubog.

Sa gitna ng baha, lumilitaw ang buwaya ng lawa. Hindi inosente, hindi payapa. Tahimik siyang nagtatago, nagbabantay, at naghihintay ng pagkakataon na makapuslit ng biyaya. Sa araw ng sakuna, saka lang lumilitaw ang kanyang tunay na mukha: kumakain sa laman ng iba, yumayaman sa hirap ng mamamayan, at iniwan silang nalulunod sa takot at pangamba.

Sa Luneta, ilang buwan lamang ang nakalipas, umapaw ang kalsada. Umakyat ang tubig sa ilalim ng tulay, sumalpok sa mga kotse, tindahan, at hinila pababa ang kabuhayan ng ordinaryong mamamayan. Habang ang ilan ay nanlulumo, ilang proyekto sa gobyerno ang nananatiling pangako—papel na naglaho sa hangin, pondo na nauwi sa bulsa ng mga tiwali.

Ang bansa ay nakulong sa siklo ng paulit-ulit na katiwalian: lilitaw ang korapsyon, magagalit ang mamamayan, magkakaroon ng imbestigasyon, at sa huli, tila walang pagbabago. Hindi dapat ang mamamayan ang lumuluhod upang humingi ng katarungan. Obligasyon ito ibigay ng pamahalaan.

Ang problema ng bansa ay hindi kakulangan ng batas, kundi kakulangan ng tapang na ipatupad ito—mayaman man o mahirap, nasa pwesto man o wala. Kapag ang hustisya ay nagiging laruan ng impluwensya, ang korapsyon ay nagiging kultura. Habang ang ordinaryong mamamayan ay nakakulong sa kahirapan, ang mga kurakot ay malayang nakangiti, nagkakape sa opisina, at patuloy na kumakain sa magarbong hapag mula sa buwis ng taumbayan– hapag na araw-araw ay piyestahan.

Malabo man sa ngayon na mabago ang sistema, walang imposible. Lahat ay posibleng mangyari kung may tunay na gagalaw, hindi puro pakitang-tao lamang. Ang mamamayan ay hindi bulag; nararanasan nila ang baha, ang takot, at ang pangamba araw-araw. Ang kulay ng tubig ay hindi kayumanggi; ito ay malinaw, malinaw nilang nakikita ang mga maanomalyang gawain, malinaw nilang nakikita ang panlalamang.

At sa huli, malinaw ang kabuuan: mahirap man umalpas sa siklo ng kadenang ginawa ng korapsyon, may magagawa pa rin. Kahit pilitin man nila tayong pagsarahan at pagtaguan. Sa huli, lalabas at lalabas ang katotohanan. Tila representasyon na sa pagdagsa ng luho ng mga buwaya, ang ating bansa ang siyang naluha.

Hiraya s

+ Eugene

ANG MGA LARAWANG GINAMIT AY MULA SA SUMUSUNOD: RAPPLER | BUSINESS MIRROR | ABS-C

Mandirigma ng Katotohanan, Gerero ng kanyang Paninindigan

"Ibaba ang presyo ng kikiam, fishball, tokneneng, kwek-kwek, at calamares". Mga katagang sa kanyang bibig ay lumabas, pinaglalaban, pinoprotesta ang tanging alam niyang taliwas. Simple at waring walang saysay, ngunit para sa kanya, ito ang kanyang buhay. Sa simpleng fishball, kikiam, street foods, at iba pa, rason na para siya'y sumaya. Subalit, dahil sa simpleng paninindigan sa kasiyahan at paniniwalang ito, nagbunga sa rehas at pagkakakulong sa kandadong apat na sulok na kwarto.

Siya si Alvin Karingal o mas kilala sa bansag na "Fishball warrior", hindi isang mandirigma bagkus tagaprotesta; edad tatlumpu't dalawang taong gulang. Sumikat ito 'online' dahil sa pagkahagip nito sa isang bidyo na sumama sa protesta sa Maynila upang ipadinig na babaan umano ang presyo ng fishball, kikiam, at iba pang street foods. Kalauna'y, nakita muli si Alvin ngunit gutay-gutay na ang damit nito at hawak-hawak na ng isang pulis. Inaresto si Alvin at kinulong ng mahigit kumulang na isang linggo sa bilangguan at kalauna'y namang napalaya.

Sa kanyang pagka-aresto, halos malunod na sa pag-aalala at lunos ang nanay ni Alvin. Ayon dito, mayroong kondisyong mental ang kanyang anak na schizophrenia na maaaring maging dahilan ng aksyon na kanyang nagawa, humihingi ito ng pag-unawa at tulong. Aligaga at puno ng agam-agam itong nag-aantay sa kanyang anak; dahil sa kulungan, maaaring hindi makakainom ng resetang gamot si Alvin. Dagdag niya pa rito, mahilig lamang umano talaga ang kanyang anak sa mga street foods.

Bukod sa 'fishball warrior', binansagan din si Alvin bilang 'tusok-tusok king' ng ilang mga netizens. Ang iba, hindi sumang-ayon sa gustong ipabatid ni Alvin dahil wala raw kwenta ang mensaheng kanyang gusto ng ipaglaban. "Bakit pa kailangan pagtuunan ng pansin ang simpleng fishball at kikiam", "Wala namang koneksyon ang fishball sa korapsyon" katagang kanilang pinaglalaban.

Samantala, ang iba naman ay ipinagtanggol ang kanyang hinaing. Ang korapsyon daw ay nagsisimula sa maliit, mula sa pang araw-araw na kikiam at fishball, at hanggang sa pinakamalaking anomalya. Kung iisipin, tunay na may pagtaas sa bilihin kahit pa sa pinakasimpleng bagay at dito maaaring magsimula ang kanilang katiwalian. Sa pagtaas ng bilihin at babayaran, ganon din ang buwis na malilikom sa mga mamamayan.

Sabi nga nila, mas pinapaboran ng kapalaran ang matatapang– siyang mga mandirigma ng katotohanan at walang takot labanan ang katiwalian. Panahon na para mas maging mulat tayo sa mga nangyayari sa ating lipunan at patuloy na umalpas sa pagkakakulong natin sa siklo ng korapsyon.

Si Alvin ay paalala na mayroon tayong iba't ibang paninindigan sa buhay. Walang saysay man ang paninindigan natin sa paningin ng iba, tayo pa rin sa ating sarili ang siyang tunay na makakaalam kung ano ang ating mga pinaglalaban– maliit man yan o malaki. Kung titingnan lang sa harapan, malayo sa korapsyon ang kanyang pinaglalaban; ngunit ang pagtaas ng presyo sa mga street foods na ito ay representasyon ng kakulangan sa pagbabago.

Bagong Bayan sa Bagumbayan

Bagumbayan kung noo'y tawagin, angking kasaysayan sa kanya'y nagniningning. Tahanan ng legasiya ng inang bansa, himlayan ng kanilang pagkadakila. Isang matayog na bantayog ang sayo ay bubungad, pagka Pilipino ang sa bawat pitak ng monumento nakasaad. Isang simbolo ng kanilang kabayanihan at ng pagmamahal sa bayan.

Binuo ng istorya, nilikha para sa karangalan niya—to ang liwasang Rizal o mas kilala bilang Luneta Park. Isang lugar sa Maynila kung saan ay ginawa upang parangalan at gunitain ang ating bayaning si Dr. Jose Rizal; isang makabayang Pilipino, tagapagmulat, at manunulat ng kanyang sariling kasaysayan.

Subalit sa kasalukuyan, ang siyang lugar na dati'y kilala bilang kanyang himlayan; bantog na rin bilang lugar kung saan ang katapatan at katarungan ay ipinaglaban. Hindi lamang ng isa, isandaan, bagkus libolibong taumbayan ay naghandog ng kanilang presensya—para sa pagbabago, para panagutin ang siyang may mga sala. Bawat boses, tinig ng kanilang pagkadismaya; bawat sigaw, galit sa korapsyon ang makikita pati na rin sa balintataw; at bawat isa, may kwento kung bakit naroon sila.

Dahil sa mga proyektong tila naging multo, galit ng taumbayan waring kumukulo— dahil ang mga nasasayang, kanilang dugo't pawis na buwis. Mula sa pinagpaguran nilang paggising para lang magtrabaho kahit ayaw pang dumilat ng mga mata. Mula sa pagpilit nilang magpatuloy kahit ang katawan ay pagod pa. Buwis na tila taon-taon pinaghihirapan ng mga manggagawa, ngunit, taon-taon ding napasasakamay ng mga mandaraya.

Hindi naman talaga protesta ang sagot para tayo ay marinig nila, ngunit gayundin ang pananahimik. Mas mabuti nang naiboses natin ang ating mga hinaing ng mapayapa, kaysa maging pipi sa mga nangyayaring anomalya sa bansa.

Nakakaawa na ang ating lipunan at bansa, patuloy at patuloy nilang sinisira at hinihila pababa. Tigil na sa panlalamang, awat na sa kasakiman.

Ang bawat mamamayan ay sawa na sa baha at alipunga, siguro nga ang pagmartsang ito na lang ang tanging makapagpapamulat sa kanilang mga mata at makapagbubukas ng pilit na isinasaradong tainga. Ang ating bansa ay isang napakaganda at napakayabong na nasyon, tahanan ito ng masasaganang likas-yaman at mga tao. Subalit kung patuloy nating yuyurakan ito, tayo rin ang kaawa-awa sa dulo.

Ang pagmartsang ito sa Luneta ay simbolo ng empatiya natin sa ating bansa— kakayahang maramdaman ang kahabag-habag na nangyayari sa ating lipunan. Walang naman talaga maghihirap kung walang korap at walang ring magdudusa kung hindi sila mandaraya. Magiging siklo lamang ang ganitong kaganapan kung hindi tayo magtutulungan at magkakaisa. Patuloy na lulubog sa karimlan at pagdarahop na tila normal na sa mata. At sa huli, walang naman talagang mangyayaring tunay na pag-unlad hanggat ang gobyerno natin ay puno ng huwad.

a Luneta

Rutaquio

kredABILIDAD

Pagwakas sa Angking Pag-aangkin

+ Eugene Rutaquio

Ang kredibilidad at pagkakakilanlan sa madla ay isang napakahalagang aspeto para sa isang opisyal ng gobyerno. Mas kilala ang opisyal ng gobyerno, mas malaki ang tyansa nitong manalo. Naglalakihang billboard, mga tarpaulin, slogan at logos na kung saan-saan makikita—`yon ang kanilang diskarte.

Alinsunod sa ipinalabas na Department of the Interior and Local Government (DILG) Memorandum Circular no. 2026-006 na nag-aatas sa lahat ng provincial, city, municipal, at baranggay officials, pati na rin sa mga tanggapan ng DILG sa national, regional, at field level na walang sinumang public officials ang maglalagay ng pangalan, mukha, logo, slogan, initials, color scheme, o anumang simbolo sa project signage, markers, tarpaulins, o alinmang government-funded materials.

Ayon kay DILG Secretary Jonvic Remulla, na ang mga proyektong ito ay mula sa buwis ng mamamayan kaya hindi ito pwedeng magamit upang pabango sa politika at gamitin para sa sariling kapakanan. Kung patuloy pa ring gagawin ito ng mga opisyales para sa sariling promosyon, maaaring maharap ang mga ito sa suspensyon at administrative cases.

"Government programs are not personal billboards. These are funded by tax payers and must reflect public service, not political credit grabbing," ani ni Remulla upang bigyang-diin na dapat panindigan ng mga politiko ang kanilang gampanin bilang mga tagapamuno at hindi mga politikong magnanakaw ng kredibilidad, dahil ang mga pondong iyon ay galing sa dugo`t pawis ng mga buwis ng mamamayan.

Nanawagan din si Remulla na ipagbigay alam at isumbong sa ahensiya gamit ang pagkuha ng litrato o bidyo bilang ebidensya at agad na ipadala sa DILG reporting portal.

Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang para tanggalin ang mga tila tambak nang mga tarpaulins at advertisements, bagkus para ibalik sa mga mamamayang Pilipino ang kredibilidad na tila ay kanila nang ninakaw at inangkin. Representasyon ito na `di lahat ng nasa pamahalaan ay palaging naghuhugas ng kamay. Sana`y mas maging epektibo ito at mapatupad gaya sa naaayon bagkus ang dignidad ng bawat Pilipinong nagbabayad ng buwis ang tila inaapakan ng naglalakihang mga advertisements.



DIBUHO NI ARRIANNA MIKHAELA G. SERIOZA

Call Me *Mother:*

Kuwento ng Pamilya at Pagmamahal

+ Clhoe Bless Andrada

Ang Call Me Mother ay isang pelikulang nagbibigay-diin sa tunay na diwa ng pag-aaruga at sa lawak ng puso ng isang magulang. Sa unang mga tagpo, malinaw na nais nitong ipakita na ang pamilya ay hindi lamang nalilikha ng dugo, kundi ng taos-pusong paglingap at kabutihan. Sa pagganap nina Vice Ganda at Nadine Lustre, nagiging higit na makabuluhan ang tema dahil sa sinserong pagdadala nila sa kani-kanilang karakter.

Ang kuwento ay sumusunod sa isang magulang na matagal nang nag-aalaga sa isang bata, kahit hindi niya ito ipinanganak. Ang pagdating ng tunay na ina ay nagbukas ng panibagong yugto na puno ng tanong, damdamin, at pangambang hindi madaling harapin. Habang sinusubukan nilang magkasundo para sa kapakanan ng bata, lumilitaw ang tensiyon, pagkagulat, at mga sandaling nagpapakita ng sakripisyo ng isang magulang.

Kapuri-puri ang pagganap ni Vice Ganda, lalo na sa mga eksenang nangangailangan ng pagpipigil ng emosyon. Hindi siya umaasa lamang sa pagpapatawa; ipinakita niya ang hinaing at pangarap ng kanyang karakter nang may katotohanan at damdamin. Si Nadine Lustre naman ay nagbigay-buhay sa isang inang may dalang bigat na hindi agad nakikita, ngunit ramdam sa bawat kilos at pananalita. Ang sinematograpiya ay maayos at disiplinado, gamit ang liwanag at komposisyon upang suportahan ang damdaming bumabalot sa kuwento.

Bagaman matagumpay sa maraming aspeto, may ilang bahagi ng pelikula na tila humaba at medyo mabagal ang eksena daloy ng kuwento. Ang ilang pinaikli ay puwede sanang mabilis upang mas maat mas laging may

Sa kabuuan, ang Call Me Mother ay matagumpay sa pagsasanib ng katatawanan at damdamin nang hindi sinasakripisyo ang aral na nais nitong ipabatid. Maraming tagpo ang nakapupukaw ng damdamin, at may ilang hindi inaasahang pangyayari na nagdadagdag-lakas sa kabuuan ng naratibo. Ang mensahe nito ay malinaw: ang pag-ibig na ibinibigay ng isang magulang ay hindi nasusukat sa dugo kundi sa kakayahang magpatawad, umunawa, at magsakripisyo.


Lubos na mainam panoorin ang Call Me Mother, lalo na para sa mga naghahanap ng pelikulang may laman, husay, at aral. Hindi lamang ito salaysay ng pagtatalo, kundi paalala kung paano ipinaglalaban ang pamilya sa harap ng pagdududa, takot, at pananabik.

Sa huli, ipinapaalala ng pelikula na ang tahanan ay nabubuo sa pagkalinga, at ang taos-pusong pag-ibig ay sapat upang magbigay-liwanag sa sinuman. Dahil sa pagmamahal at piling ng isang ina, ang puso ay laging may sigla at saya.



LARAWAN MULA SA ABS-CBN STAR CINEMA

LARAWAN MULA SA CULTURED PHILIPPINES



+ Eugene Rutaquio

Ang mga bulkan ay isa sa mga pinakamaganda ngunit pinaka kakaiba't misteryosong likha rin ng kalikasan. Maaari silang maging malaking tulong at maging tahanan ng iba`t ibang organismo. Ngunit, maaari ding maging tila isang nagniningas na apoy na kahit anong madaanan nito`y masisira`t mawawasak.

Nagdaan na ang siglo, dekada, at maraming taon na ang mga Pilipino na nakaranas sila ng pagsabog ng bulkan. At kada mangyayari ito, trahedya at delubyo ang dadalhin nito sa kanila. Matinding panginginig ng lupa, ang langit ay tila kulay na ng kawalan ng pag-asa, at ang hangin ay dala-dala ang badya ng paghihirap–hindi mo na makikita kahit pa silip ng liwanag ng sa langit.

Sa pagdan ng napakaraming pare-parehong pangyayaring ganito, normal na lamang para sa mga tao na maghanap ng solusyon at pag-aralan ang ganitong penomena. Ito ay isang "buhay o kamatayan" na sitwasyon para sa kanila, kung walang paggalaw, walang pagbabago`t walang nakakaligtas.

Sa kasalukuyan, `di naman mawawala ang penomenang ito, natural na ito sa kalikasan. Ngunit ngayon, mas handa na ang bawat mamamayan—hindi na mang-mang, bagkus may dunong na`t kaalaman.

Sa paglabas ng "super heated" na hangin sa bulkang Kanlaon, mas naging handa ang mamamayan—mayroon na silang impormasyon, naiintindihan na nila ang takbo at kalikasan ng bulkan. Sa kanilang pag-aaral, ang hangin o gas na ito ay senyales na malapit nang sumabog ang bulkan, ngayon, mas maaga na nilang malilikas ang mga residente at mamamayan sa lugar—mas mababang komplikasyon at makaiiwas sa trahedya.

Ang kalikasan ay isang napakaganda at nakabibighaning bagay. Ngunit minsan, nakatatakot din ito. Ang ating magagawa na lamang ay matutong intindihin at pag-aralan ito para maiwasan natin ang mga komplikasyon. Hindi naman natin mababago agad-agad ang takbo ng kalikasan dahil natural na ito sa ating mundo, kung may mga masasamang aspeto, ang ating magagawa na lamang ay tunay na intindihin ito at alamin ang kayang gawin.

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL
| TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026





LARAWAN MULA KAY FERDINAND H. CABRERA / AFP

Diwa ng PASKO

Hamon sa hapag, hirap sa kalooban

+ Andrea Nicole Y. Gabon

Sa tuwing nagbubunyi tayo tuwing araw ng Pasko, ramdam mo ang saya sa paligid. Ang mga kalsada na lumiliwanag sa makukulay na parol, mga ilaw na kumikindat habang nag-iiba ang mga kulay nito. Habang ang mga bata ay naglalaro kasama ang kanilang mga kaibigan, nakapinta sa mga mukha ang kasiyahan na nararamdaman nila dala-dala ang laruan at regalo. Mga pamilyang nagtitipon para sa magaganap na munting salo-salo, ang bango ng bibingka at puto bumbong na gawa ng lola ay tiyak na kakapit sa ilong natin. Ang buong sangkabayanan ay sumasabay sa ritmo ng Pasko, kahit papano'y ramdam mo ang init ng pag-asa.

Nakikita ko ang araw ng kapaskuhan bilang isang espesyal na araw, dahil dito ako nagkakaroon ng pagkakataon na makasama ulit ang aking buong pamilya na nakikipagsapalaran sa malayong lugar. Sa isang araw na puno ng pagmamahalan. Ramdam mo na ang tunay na diwa ng Pasko—ang muling pagkikita, mga yakap na matagal nating hinintay, at ang tawanan na para bang musikang matagal nating hindi napakinggan.

Bago kumain, sabay-sabay kaming nananalangin sa hapag-kainan. Hindi man engrande ang aming handaan, sapat na ito para kami'y magpasalamat sa mga biyayang natamasa namin para sa araw na 'yon. Ang pagkain sa lamesa ay nagiging espesyal dahil sabay-sabay namin itong pinagsasaluhan. Ang mga pinsan ko'y abala sa pagbukas ng kanilang regalo galing sa kanilang mga ninong at ninang, ang mga matatanda na nilulubos ang pagsayaw at pagkanta parang sa sandaling iyon ay mga bata sila at hindi pa nila ranas ang pananakit ng katawan, tila ba ang mundo nila ay umiikot lamang sa saya at sorpresa.

Parang sa sandaling iyon, parang madali lang ang sumaya sa mundong ito, para bang kayang takpan ng mga makukulay na ilaw ang pagod at problema. Hindi ba ang pasko ang nagiging pahinga natin mula sa magulong reyalidad?

Ngunit habang nakaupo ako sa isang sulok matapos naming kumain, napatingin na lamang ako sa telebisyon na patuloy na nagluluwa ng balita. Pare-parehong pangalan na naman ang naririnig ko, hindi na nagbago ang isyu. Sila-sila na naman—nakangiti, malaya, tila walang bigat na pinapasan sa likod.

Habang ang mga ordinaryong pamilya ay pinipiga ang laman ng kanilang pitaka para lamang may maihanda sa Pasko, may mga taong hindi kailanman kinakailangang magbilang ng mga barya sa palengke. Habang may mga magulang na pilit na pinagkakasya ang naipong pera para sa regalo ng kanilang mga anak, may mga taong patuloy sa kanilang marangyang pamumuhay—walang iniisip na problema, walang pananagutan.

Minsa'y sumasagi sa aking isip—sa tuwing kinakain ba nila ang hamon sa kanilang hapag, hirap ba silang lunukin ito? Hindi ba sumasagi sa isip nila na maraming pamilya ang hindi man lang makabili nito?

O baka naman ay hindi. Baka mas madali sa kanila ang ipag-kibit balikat na lamang ito. Mas pipiliin na lamang nila ang ngumiti kahit ang mamamayan ay halos manghina na sa hirap ng buhay—dahil hindi nila kailangang harapin ang bigat ng kanilang kasalanan.

Doon tuluyang bumigat ang dibdib ko...

Habang kami'y natutuwa sa kwento ng isa't isa—siguro may ibang tao diyan na pinipilit na lamang ang sumaya sa araw ng Pasko, bunga ng katahimikan ng sistema, bunga ng kawalan ng hustisya.

Sa gabing dapat sana'y puro pasasalamat at pag-asa, may kirot na hindi maikubli. Oo inaamin ko, masaya ako habang kasama ko ang pamilya ko, pero hindi iyon buo. Dahil ang ibang ilaw ng Pasko ay patuloy na kumikislap sa bawat tahanan, ang hustisya ay nananatiling nakapatay, parang wala silang balak na buksan ito.

Habang tayo'y nagpapasalamat sa hapag na dugo't pawis ang puhunan sa ilalim ng parehong ilaw na patuloy na kumikislap sa araw ng Pasko. Kasabay naman nito ang mga tao nagdiriwang nang hindi naghihirap.

Kung ganito taon-taon, kailan kaya natin makikita ang tunay na diwa ng Pasko, kapag nakahain na ba sa hapag ng bawat Pilipino ang hustisya?

> *"Government programs are not personal billboards. These are funded by tax payers and must reflect public service, not political credit grabbing,"*

SUNDAN SA PAHINA 13



Korona o Balota

Rarampa ba muna bago ang responsibilidad sa bayan?

+ Nicole Laconico

Sa tuwing gaganapin ang Miss Universe taon-taon, tila humihinto ang mundo upang matunghayan ang engrandeng gabi ng mga kababaihan na nagrerepresenta ng kanilang bansa. Siyempre, hindi mawawala ang pagpapakilala sa mga kandidata—balingkinitan, matatalino, at handang tumayo sa entablado na dala ang pangalan ng bansang pinangungunahan nila. Hindi lang dapat basehan ang nakabibighaning ngiti o maayos na tindig—kinakailangan nilang patunayan ang lalim ng kanilang pag-unawa sa mga nangyayari sa lipunan, ang paninindigan nila, at ang kakayahan nila magsalita sa nakararami na may kumpiyansa sa sarili. Bawat sagot nila ay sinusuri, bawat kilos ay tinitimbang, at ang bawat isa sa kanila ay handang lumaban at manindigan para maiuwi nila ang korona.

Kung kaya nating maglatag ng mataas na pamantayan sa patimpalak ng kagandahan, bakit tila bumababa ang ating batayan sa pagpili ng mga opisyal na maglilingkod sa ating bayan? Nagiging mas mapanuri tayo sa mga kasagutan ng mga kababaihan sa Q&A kaysa sa mga plano ng mga gobyerno na hanggang salita lamang.

Pagdating sa tanghalan, ang isang maling kasagutan ay may posibilidad na maging dahilan para mapatid ang pag-asang makamit ang korona at titulo. Ngunit kapag usapang politika ay kaya nilang palampasin ang kakulangan sa karanasan, ang kawalan ng malinaw na plataporma, o maging paulit-ulit na lamang ang mga sinasabi nilang pangakong hindi naman natutupad—basta't matunog ang kanilang pangalan sa nakararami at kapani-paniwala ang mga ngiti nila tuwing kampanya. Mas binubusisi natin ang kumpiyansa ng pagrampa sa harap ng mga hurado at hindi ang mga kakayahan ng isang tagapaglingkod na humarap sa tunay na suliranin ng bayan.

Nakapagtataka na mas nasusukat natin ang bawat tindig at rampa kaysa sa paninindigan sa pamamahala. Pagdating sa pamantayan ng paghahanap sa reyna ay mas mataas pa sa mga takong nila, pero kapag sila ay pipili ng hahawak sa kapalaran ng kanilang kinabukasan ay halatang mas mababa pa ito sa ating talampakan, sabagay, dahil magagaling silang umapak sa mga pangarap ng bawat mamamayan dahil mas pipiliin nilang sila lang ang nasa rurok.

Kung sa isang patimpalak ay hindi basta-basta ipinagkaloloob ang korona nang walang sapat na batayan, pero sa halalan ay sapat na ang kilala lang upang maipagkatiwala ang kapangyarihan. Ang responsibilidad na mamuno sa bayan ay hindi lamang titulo na pwedeng ipagkaloob sa kung sinuman ang magaling maglakad, magsalita sa harap ng maraming tao o umapela sa damdamin ng publiko—ito ay tungkuling nangangailangan ng intergridad at tunay na malasakit sa kapakanan ng marami.

Bawat pag-itim natin sa pangalan na ating nakikita sa balota—subukan mong kausapin ang iyong sarili: pumipili ka ba ng lider na may kakayahang maglingkod, o hahayaan mong mapunta na lamang ang korona sa sinumang hahadlang sa ating pagtindig?

LARAWAN MULA SA PHILSTAR LIFE

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL | TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026

BALITANG LOKAL

NIPAH VIRUS ALERT:

Multo ng 2020, Kumakatok Muli

+ Shanty Barcellano

Muling umalingawngaw sa balita ang Nipah virus, isang sakit na bagama't hindi bago sa agham, ay muling nagbabanta sa mundo. Para itong maliliit na bapor sa dagat ng kaligtasan na tahimik na dumadaan, ngunit kapag kumilos nang sabay-sabay, kayang guluhin ang buong alon ng lipunan. Sa bawat ulat ng posibleng pagkalat nito, sariwa pa rin sa alaala ng marami ang 2020: ang taong binago ng COVID-19 ang takbo ng buhay, ekonomiya, at ugnayan ng mga tao. Ang pandemya noon ay parang malakas na bagyo na walang pinipiling lungsod o bansa, lahat ay naapektuhan, at halos bawat aspeto ng pang-araw-araw na pamumuhay ay natigilan.

Tulad ng COVID-19, ang Nipah virus ay isang zoonotic disease, nagmumula sa hayop at maaaring mailipat sa tao. Ang mga pananaliksik ay nagpapakita na ang pangunahing host nito ay mga paniki, at maaari ring maipasa sa ibang hayop at sa tao sa pamamagitan ng direktang kontak o kontaminadong pagkain.

Noong pandemya ng COVID-19, nasaksihan ng mundo kung paano ang pagkaantala sa aksyon, kakulangan sa kaalaman, at maling impormasyon ay nagpalala sa krisis pangkalusugan. Milyon ang nagkasakit, at milyon din ang nawalan, hindi lamang ng buhay kundi pati ng kabuhayan, edukasyon, at normal na pamumuhay, tila isang domino effect na unti-unting bumagsak sa bawat sektor ng lipunan.

Ang Nipah virus ay may mas mataas na fatality rate kaysa COVID-19, na umaabot sa 40-75% sa ilang outbreak, at bagama't wala pang malawakang pagkalat, ang banta nito ay hindi dapat maliitin. Dito pumapasok ang pinakamahalagang aral ng pandemya, ang kahandaan ay hindi opsyon, ito ay pangangailangan.

Ang maagap na surveillance, malinaw na komunikasyon mula sa pamahalaan, at kooperasyon ng publiko ay parang mga bakal na pinto at alarm system laban sa posibleng krisis.

Kung may itinuro ang COVID-19 sa sangkatauhan, ito ay ang katotohanang ang isang virus, kahit maliit, ay kayang yumanig sa buong mundo, na parang isang butil ng buhangin na kapag nahulog sa tamang puwesto ay kayang pabagsakin ang matibay na istruktura.


Sa harap ng Nipah virus, hindi takot ang dapat manaig kundi kaalaman, disiplina, at kolektibong pagkilos. Sapagkat ang mga aral ng 2020 ay hindi para kalimutan, kundi para gawing ilaw sa pagharap sa susunod na hamon. Isang paalala na sa bawat banta, ang pagkakaisa at paghahanda ang pinakamalakas na sandata.

SA MGA NUMERO

40-75

PERCENT

ITO ANG TINATAYANG CASE FATALITY RATE NG WORLD HEALTH ORGANIZATION (WHO) PARA SA NIPAH VIRUS (NIV).



ANG 3D MODEL AY MULA SA TURBOSQUID, AT ANG LARAWAN AY MULA SA AL JAZEERA.

BALITANG LOKAL

Solar Power para sa luntiang bukas

Gulay ang Ani, Araw ang Puhunan

+ Angel Mae Decena

Pinalalakas ng pamahalaang lungsod ng Quezon ang Urban Agriculture sa pamamagitan ng paglulunsad ng solar-powered Indoor Cultivation System (ICS) na layong magbigay ng ligtas, masustansya, at sapat na suplay ng pagkain sa kabila ng limitadong espasyo na lungsod.

Ang proyektong isinakatuparan sa tulong ng Department of Agriculture - Bureau of Plant Industry (DA-BPI) at Million Trees Foundation Inc., bilang bahagi ng mga inisyatibong nakatuon sa climate-smart at sustainable agriculture.

Ayon kay Mayor Joy Belmonte, ang ICS ay idinesenyo upang mas gawing episyente ang produksyon ng pagkain sa lungsod gamit ang renewable energy. Sa pamamagitan ng kuryente at kaligtasan ng mga pananim.

Itinuturing ng lungsod ang proyekto bilang isang modelo ng makabagong urban farming na maaaring magsilbing huwaran para sa iba pang lokal na pamahalaan sa bansa.



PCO PHOTO

HAKBANG TUNGO SA REPORMA. Sa ilalim ng direktiba ni Pang. Ferdinand R. Marcos Jr. nitong Biyernes, inatasan ang lahat ng ahensya ng pamahalaan na pabilisin ang mga proyektong pang-imprastruktura at digitalization upang lalong pasiglahin ang ekonomiya at paglikha ng trabaho. | Larawan mula sa Inquirer

BALITANG LOKAL

ISKOLAR NG BAYAN:

Pagkaantala ng stipend, Tinugunan ng DOST

+ Shanty Barcellano

ISKOLAR NG BAYAN AT AGHAM. Uminda ng hinaing ang libo-libong iskolar ng Department of Science and Technology (DOST) dahil sa pagkaantala ng kanilang stipdeng nitong Pebrero 2026 | Larawan mula sa Department of Science and Technology (DOST)

Libo-libong Department of Science and Technogy (DOST) scholars sa buong bansa ang nakaranas ng pagkaantala sa kanilang buwanang stipend nitong Pebrero 2026. Ang delay ay sanhi ng pagbaba ng budget allocation at umano'y pagkakaiba sa pananaw ng ahensya at ng Department of Budget and Management (DBM).

Ayon kay DOST-SEI Officer-in-Charge Albert Mariño, ang pagkaantala ay sanhi ng hindi pag-apruba ng DBM sa kanilang request para sa karagdagang pondo.

"Nag-request po kami ng additional appropriations doon sa aming requirement so talagang hindi na-approve ng DBM nung time na yun," ani Mariño.

Ngunit sinabi naman ni DBM Assistant Director Joanna Galarpe na wala namang nakabinbing kahilingan ang DOST-SEI para sa karagdagang cash allocation para sa mga scholars.

Sa kasalukuyan, plano ng ahensya na suportahan ang 46,234 undergraduate students para sa Academic Year 2024-2025, kasama ang 10,756 bagong scholars na pumasa sa 2024 DOST-SEI scholarship examination. Karapatan ng bawat scholar ang tuition fee grants na P40,000 kada taon, at buwanang cash allowance na P8,000, ngunit palaging naipu-push back dahil sa pagkaantala.

Paliwanag ni DOST Secretary Renato Solidum sa budget hearing, minsan ay nagkakaproblema sa universities dahil hindi agad naibibigay ng mga estudyante ang kanilang grades bilang requirement para sa cash allowance. Upang maayos ito, iminungkahi niyang maglagay ng "core groups" ng DOST-SEI employees sa bawat unibersidad upang pamahalaan ang disbursement ng stipends at maiwasan ang pagkaantala.

Noong nakaraang taon, at maging simula pa noong 2020, nakaranas na rin ang mga scholars ng pagkaantala.

> *The stipend delay has already been an issue long before, but it is still continuously affecting the scholars." saad ng UP DOST Scholars' Association*

Ipinapakita nito ang patuloy na problemang dulot ng mabagal na proseso sa bureaucracy, na nagpapahirap sa kabuhayan at akademikong buhay ng mga iskolar.

Sa hinaharap, layunin ng DOST na masiguro ang maagap na pamamahagi ng stipend sa pamamagitan ng mas maagang alokasyon ng pondo, digital monitoring ng disbursement, at pakikipag-ugnayan sa mga unibersidad gamit ang mga core groups. Kung maipatupad nang maayos, makatutulong ito hindi lamang sa agarang kabuhayan ng mga scholars kundi pati na rin sa pangmatagalang integridad ng scholarship program.

Ang bawat delay ay nagsisilbing paalala na ang sistema ng scholarship ay kailangan ng tuloy-tuloy na reporma at aktibong aksyon mula sa ahensya upang maprotektahan ang pangarap ng kabataan.

SA MGA NUMERO

P40,000

ITO ANG TUITION FEE GRANT NA NATATANGGAP NG BAWAT SCHOLAR KADA TAON.

P8,000

ITO NAMAN ANG BUWANANG CASH ALLOWANCE NA DAPAT MATANGGAP NG BAWAT ISKOLAR.

SA KABILA NG BENEPISYONG ITO, MADALAS PA RIN ITONG NAANTALA, NA NAKAAAPEKTO SA PAG-AARAL AT GASTUSIN NG MGA ISKOLAR.

BALITANG LOKAL

HINDI DAPAT PLANO LANG

Proyektong pang-imprastraktura, Pabibilisin ni PBBM

+ Arrianna Serioza

Inatasan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. nitong Biyernes ang mga ahensya ng pamahalaan na pabilisin ang pagpapatupad ng mga pangunahing proyektong pang-imprastruktura upang higit pang mapalakas ang ekonomiya ng bansa, bilang bahagi ng patuloy na reporma ng kanyang administrasyon

Ibinigay ng Pangulo ang direktiba habang pinamumunuan niya ang isang pulong kasama ang economic team ng pamahalaan, ayon kay Presidential Communications Office (PCO) Undersecretary at Palace Press Officer Claire Castro. Aniya, 'Let's move forward.' Tunay na reporma at kongkretong aksiyon ang nais ipatupad ng Pangulo," pahayag ni Castro sa isang press briefing sa Malacañang.

Ayon kay Castro, tinalakay sa pulong ang iba't ibang estratehiya upang pasiglahin ang ekonomiya, kabilang ang pagpapalawak ng digitalization upang mapabilis ang paglikha ng trabaho, gayundin ang pagpapabilis ng mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng pagtatayo ng mga silid-aralan at pagpapaunlad ng mga pasilidad na may direktang epekto sa serbisyo publiko.

Kabilang sa mga pangunahing prayoridad ng administrasyong Marcos ang pagbawas ng kahirapan at pagpapalakas ng panlipunang proteksyon, pagpapalago ng ekonomiya at paglikha ng mas maraming trabaho, pagpapahusay ng kalusugan, edukasyon, human capital, at pagsusulong ng sustenable at inklusibong kaunlaran.

Bilang bahagi ng mas mahigpit na pagbabantay, inatasan din ng Pangulo ang mga ahensya ng pamahalaan na magsumite ng ulat sa progreso ng kanilang mga proyekto kada dalawang linggo upang masubaybayan ang bawat yugto ng implementasyon.

Sa utos na pabilisin ang galaw ng pamahalaan, malinaw ang direksiyon ng administrasyon, hindi sapat ang plano, ang kaunlaran ay kailangang maramdaman, at kailangang ngayon na.

Habang unti-unti nang natutupad ang mga Sustainable Development Goals, at pinangangalagaan ang likas na yaman, malinaw na ang bawat proyekto ay may pananagutan sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.



BANTA NG PAG-AALBOROTO. Nagbabala ang PHIVOLCS matapos magbuga ng ash plume na may taas na 300 metro ang Bulkang Kanlaon noong ika-12 ng Pebrero 2026, habang nananatili ito sa Alert Level 2 dahil sa pagtaas ng aktibidad ng magma. | Larawan mula sa ABS-CBN News

SA MGA NUMERO

1,118

TONELADA

ITO ANG NAITALANG SULFUR DIOXIDE FLUX, ISANG MAHALAGANG BATAYAN SA PAGSUKAT NG VOLCANIC UNREST. IPINA-PAKITA NITO ANG AKTIBONG PAGLABAS NG GAS MULA SA MAGMA CHAMBER, NA MAAARING SENYALES NG POSIBLENG PAGPUTOK NG BULKAN.

DATOS MULA SA PHILVOCS

BALITANG LOKAL

MAGING ALERTO

Bulkang Kanlaon, Posibleng mag-alburoto

+ Shanty Barcellano

Naglabas ang Philippine Institute of Volcanology (PHIVOLCS) ng babala matapos makita ang super heated plume mula sa Kanlaon, Negros Oriental noong Pebreo 12, 2026 sa oras ng 12:50 ng umaga.

Ayon sa ahensiya, tumagal ang nasabing ash plume ng 17 minuto, na nagluwal ng plume na umabot sa 300 metro ang taas bago pa ito tangayin ng hangin patimog-kanluran.

Tanyag ang bulkang ito bilang isa sa mga aktibong bulkan sa Pilipinas na itinuturing ng mga eksperto bilang posibleng precurser sa isang explosive eruption.

Dagdag ng PHIVOLCS, ang ganitong uri ng plume ay senyales ng aktibidad sa ilalim ng bulkan na maaaring humantong sa biglaang pag-alburoto nito.

Nanatili sa Alert Level 2 ang bulkan, na nangangahulugang may umiiral na pagtaas ng tiyansang magkaroon ng biglaang phreatic o stream-driven explosions, at maging ng pag-angat ng magma mula sa kailaliman.

Nitong Ika-12 ng Pebrero naitala ang 11 volcanic earthquakes, ito ay indikasyon ng paggalaw ng magma at bato sa ilalim ng bulkan. Bukod dito, mahigit 1,118 tonelada ng sulfur dioxide flux–isang mahalagang batayan ito ng pagsukat ng volcanic unrest dahil nagpapahiwatig ito ng paglabas ng gas mula sa magma chamber.

Pinayuhan ng ahensya ang mga residente at turista sa loob ng kilometrong evacuation zone na maging alerto at sundin ang mga safety protocols tulad ng pag-iwas sa Permanent Danger Zone (PDZ).

Gayundin, patuloy pa ring minomonitor ang Kanlaon gamit ang kumbinasyon ng seismic networks, gas analyzers, thermal cameras, at satellite imagery na nagbibigay ng mas mabilis na impormasyon sa publiko.

Bagamat walang kasalukuyang naitalang pinsala, ipinapaalala ng agham na ang bulkan ay isang buhay na sistema–patuloy na gumagalaw at patuloy ring nagbabago. Ang Kanlaon ay hindi lamang ito isang tanawin na pinagmamasdan ng bawat tao, kundi isang paalala na dapat bigyan-pansin, paghandaan, at unawain ang tulong mula sa mga ahensiya ng agham.

KAMPUS EKSPRES

ALERTO TIMOG

Ligtas ang may Alam

+ Ace Matthew Acedillo

Tampok ang patuloy na pagpapaigting sa kahandaan at disiplina sa panahon ng sakuna sa isinagawang Earthquake Drill noong Huwebes, Nobyembre 6, 2025, sa Pasay City South High School.

Sa pangunguna ni Disaster Risk Reduction and Management Council (DRRMC) Focal Person, Bb. Lanor Bucala, kasama ang iba't ibang mga organisasyon: Supreme Secondary Learner Government (SSLG), PCSHS Girls Scouts of the Philippines, Barkada Kontra Bisyo (BKB), Red Cross Youth, at Batang Empowered Resilient Team (BERT).

Suportado ng buong pamunuan ng PCSHS ang pagsasagawa ng inisyatibang palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral at gawin silang handa sa anumang sakuna, binigyang-diin din ni Dr. Cynthia Abella, Asst. Principal II, ang kahalagahan ng pagiging kalmado at pagpapanatili ng disiplina kung makararanas ng sakuna tulad ng lindol, sa loob o labas ng paaralan.

Naging pokus ng earthquake drill ang pagtuturo ng, "Duck, Cover, and Hold", gayundin ang wastong ruta ng paglikas papuntang assembly points sa pamamagitan ng pagsunod sa nakatalagang school evacuation plan.

Sa aming naging panayam sa isang mag-aaral na nakiisa, naging malinaw sa kanila ang dapat na gawin, ang pagkakaroon ng sapat na kahandaan ng bawat mag-aaral na tumugon nang mahinahon at epektibo sa panahon ng lindol ay tiyak na makatutulong sa pagliligtas ng mga buhay at maibsan ang pinsalang maaring matamo.



HANDA SA PAGYANIG. Isinagawa sa Pasay City South High School ang isang Earthquake Drill noong Nobyembre 6, 2025, sa pangunguna ni DRRMC Focal Person Bb. Lanor Bucala upang hasain ang disiplina at kahandaan ng mga mag-aaral sa panahon ng sakuna. | Larawan mula sa The Wings

ISANG TANONG, ISANG SAGOT

Sa tingin mo, alam ba ng mga Pilipino ang sapat tungkol sa mental health?

"Para sa akin, hindi. Kung sapat sana ang kaalaman natin, mas mababawasan ang mga kaso ng depresyon o anumang sakit na may kinalaman sa emosyon ng isang tao. Tulad ng isyu ngayon tungkol sa isang senador—na hindi ko na papangalanan—naniniwala siya na ang pagkakaroon ng depresyon ay isang pruweba ng kahinaan ng isang tao.

Grence John S. Gonzaga
12 HUMSS - GRATITUDE

"For me, kulang pa ang awareness ng mga Pilipino tungkol sa mental health, dahil hanggang ngayon ay may stigma pa rin at hindi ito sineseryoso. Bilang isang estudyante, napapansin ko na nagiging aware lang sila kapag may isyu o trending na topic tungkol sa mental health.

Precious Alhiya Z. Pesebre
12 HUMSS - GRATITUDE

BALITANG LOKAL

ANO, TARA?

BGC Portal: Isang Sulyap, ngunit saan Patungo?

+ Shanty Barcellano

Sa gitna ng mabilis na takbo ng Bonifacio Global City o kilalang BGC, kung saan ang lahat ay nagmamadali at madalas ay nakatutok sa kani-kanilang mga gadget, tumitindig ang BGC Portal, isang 24/7 art installation na may iisang layunin, muling buhayin ang ugnayang pantao sa modernong paraan.

Hindi ito karaniwang art display. Pinapagana ng artificial intelligence ang BGC Portal—isang tahimik ngunit makapangyarihang presensya sa likod ng bawat galaw, ilaw, at interaksyon. Sa tulong ng AI, natutukoy at tinutugunan ng instalasyon ang kilos ng mga tao, ginagawang mas personal ang bawat sandali ng pakikipagtagpo. Sa halip na malamig na teknolohiya, nagiging tulay ito ng pagkilala: isang paalala na ang AI, kapag ginamit nang may layunin, ay hindi lamang para sa bilis at kahusayan, kundi para rin sa pakikisama.

Sa teknikal na aspeto, gumagamit ang portal na ito ng instalasyon ng mga sensor at camera na may kakayahang magbasa ng distansya, galaw, at presensya. Ang datos na nakukuha rito ay agad na prinoproseso ng algorithm upang makalikha ng tugon–halimbawa ay pagbabago ng kulay ng ilaw, paglitaw ng mga biswal na hugis, o pag-activate ng tunog na tumutugma sa kilos ng tao. Dahil dito ay nakakakuha tayo ng real-time na ugnayan ang tao at makina.

Higit pa rito, ipinapakita lamang ng BGC Portal kung paano nagiging interaktibo sa mundo ng digital na transpormasyon. Kaya naman ang mga taong nadaan dito ay talagang mapapahinto at mapapalabas ang ngiti sa kanilang labi.

Ngunit dito rin sumisilip ang mas malalim na tanong: kung ang koneksyon ay pinamagitan ng AI, ito ba'y mas pinapalapit ang tao, o mas lalo lamang tayong nasasanay sa koneksyong walang salita at walang lalim? Sa BGC Portal, ang teknolohiya ay hindi bida—kundi kasangkapan lamang. Ang tunay na bigat ay nananatili sa tao, sa kanyang pasya kung makikipag-ugnayan o mananatiling tagamasid lamang.




UGNAYANG-TEKNOLOHIYA. Pinagsasama ng BGC Portal ang sining at artificial intelligence sa gitna ng Bonifacio Global City upang muling buhayin ang ugnayang pantao sa pamamagitan ng isang interaktibong 24/7 art installation. | Larawan mula sa Globe Telecom

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL | TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026

agtek | editoryal

MAG-ISIP MUNA

AI ba talaga ang Sisira sa'tin, O tayo lang din?



+ Dibuho ni Abdullah H. Baganian

Social media ang madalas nating kaakbay—ngunit ito rin ang ating pilit na kinakalaban. Sa panahong halos lahat ay mas aktibo na sa digital na mundo, nagiging boses na ito ng opinyon, bahagi ng pagkakakilanlan, at minsan pa nga'y nagiging salamin ng ating pang-araw-araw na buhay. Ngunit sa lawak ng mga gumagamit nito, mahirap nang tukuyin kung alin ang totoo at alin ang likhang-isip lamang.

Ang X, na mas unang nakilala bilang Twitter, ay isa sa mga social media platform na sumikat mula pa noong henerasyong millennial. Tinawag itong "digital space," "comfort zone," at maging "personal diary" ng marami. Sa paglipas ng panahon, tulad ng iba pang social platforms, sumailalim ito sa iba't ibang pagbabago at pag-unlad, kabilang ang integrasyon ng Artificial Intelligence (AI) bots, kung saan may iba't ibang pamamaraan ang mamamayan sa paggamit ng mga ito.

Noong Enero 16, 2026, iniutos ng Department of Information and Communications Technology (DICT), kasama ang Cybercrime Investigation and Coordinating Center (CICC) sa National Telecommunications Commission (NTC) na i-block o bawalan ang access sa chatbot na Grok, na nilikha ng kumpanyang xAI ni Elon Musk at ginagamit sa platform na X ay nakaranas ng malawak na protesta at legal na aksyon sa buong mundo dahil sa mga seryosong isyu. Ang tool ay nagawang gumawa ng mga AI-generated deepfake o pekeng larawan ng mga tao, kabilang ang mga sexualized images na walang pahintulot ng taong nasa larawan. Ito ay nagdulot ng pangamba tungkol sa paglabag sa privacy, hindi sinasang-ayunang paggamit ng larawan, at potensyal na pagkalat ng illegal na nilalaman lalo na laban sa mga kababaihan at menor de edad.

Ito ay isinagawa base sa Republic Act 10175 (Cybercrime Prevention Act) na may mga probisyon laban sa content-related offenses tulad ng online sexual exploitation ng mga menor de edad o hindi consented na materyal.

Hindi maikakaila ang malaking ambag ng AI sa kasalukuyan. Pinapadali nito ang trabaho, pinabibilis ang komunikasyon, at nagbibigay ng bagong oportunidad sa edukasyon, negosyo, at pamahalaan. Ngunit kung mali ang paggamit at nagiging kasangkapan ito sa panlilinlang, paninira, o paglabag sa dignidad ng kapwa, ano pa ang saysay ng teknolohiyang ito sa pag-unlad ng ating lipunan?

Hindi natin maaaring isisi sa AI ang lahat. Hindi ito kusang kumikilos, tayo ang nagbibigay ng utos, tayo ang nagdidikta ng nais nitong gawin. Kung gayon, hindi ba't ang tunay na may pananagutan ay ang gumagamit? Kung walang malinaw na limitasyon at disiplina ang tao, anumang makabagong teknolohiya ay maaaring maging sandata ng pang-aabuso sa halip na instrumento ng progreso.

Sa ganitong konteksto, ang total banning o paghihigpit sa AI prompts ay maaaring makita bilang pansamantalang hakbang upang maprotektahan ang publiko. Ngunit ang pagbabawal lamang ay hindi sapat kung hindi sasabayan ng malalim na edukasyon sa digital literacy, mahigpit na pagpapatupad ng batas, at kolektibong pananagutan ng lipunan. Ang solusyon ay hindi simpleng pagsasara ng pinto sa teknolohiya, kundi ang pagtiyak na may tamang paggabay at regulasyon sa paggamit nito.

Dito pumapasok ang mahalagang papel ng Philippine National Police (PNP), lalo na ng Anti-Cybercrime Group (ACG). Bilang tagapagpatupad ng batas, nararapat nilang paigtingin ang imbestigasyon laban sa mga gumagamit ng AI para sa panloloko, paninirang-puri, at iba pang uri ng cybercrime. Dapat ding palakasin ang kampanya sa public awareness upang maturuan ang mamamayan kung paano makaiiwas at makapagre-report ng mga abusong digital. Ang mabilis na aksyon, malinaw na paninindigan laban sa online exploitation, at pakikipagtulungan sa iba pang ahensya gaya ng DICT ay mahalagang hakbang upang mapanatili ang seguridad sa digital na espasyo.

Sa gitna ng digital na ingay, disiplina ang tunay na sagot, hindi lamang pagbabawal. Ang teknolohiya ay neutral, ang intensyon ng tao ang nagbibigay rito ng kulay. Kung nais nating maging instrumento ito ng pag-unlad ng bansa, dapat tayong magsimula sa sarili, maging responsable, maging mapanuri, at higit sa lahat, maging makatao sa bawat pag-klik at pag-type sa digital na mundo.

BALITANG LOKAL

HINDI SILA MAHINA

Mental health crisis sa bansa, patuloy na ikinababahala

+ Angel Mae Decena

Ang magpatuloy ay pakikibaka, isang tanda ng katapangan.

Nagbigay tugon ang Psychological Association of the Philippines (PAP) sa naging pahayag ni Sen. Robin Padilla patungkol sa pagiging 'weak' ng mga kabataan sa kasalukuyang henerasyon, sa kaniyang speech sa isang pagdinig ng Senate Committee on Public Information and Mass Media on the Children's Safety in Social Media Act nitong Miyerkules, ika-11 ng Pebrero, 2026.

> *Ang mga bata po ngayon, sad to say..huwag kayo magagalit sa akin, naku maraming batang magagalit siguro pero pasensiya na kayo, 'you are weak,'" ani Padilla.*

Ayon sa PAP, walang siyentipikong basehan ang naging pahayag ng Senador at ang pagkumpara nito sa paraan ng pamumuhay noong panahon ng 1980s hanggang 1990s, binigyang-diin din na ang paghahalintulad sa pagkakaroon ng depresyon sa pagiging mahina ay isang nakapipinsalang pagtugon sa krisis na patuloy na kinakaharap ng ating lipunan.

Matatandaan mula sa ulat ng The Inquirer noong nagdaang Hulyo, na sa isang pag-aaral ng Filipino Research Team na isinapubliko ng Cambridge University Press, pumalo ng higit sa doble ang bilang ng mga kabataang Pilipino ang nakararanas ng depresyon sa loob lamang ng walong taon, mula sa kaso ng moderate hanggang severe depressive symptoms sa mga Pilipinong nasa edad 15 hanggang 24 na taong gulang ay patuloy na tumaas mula sa 9.6 porsiyento noong taong 2013 hanggang 20.9 porsiyento sa taong 2021.

Sa Isang panayam, nagbigay punto sa usaping nabanggit si Kabataan MP Renee Co, na totoo ang depresyon at iba pang kondisyong may kaugnayan sa mental health, ito ay hindi tanda ng kahinaan, ito'y isang krisis pangkalusugan na sanhi ng iba't ibang aspeto tulad ng suliranin sa edukasyon, ekonomiya, at lipunan na nangangailangang matugunan. "Bakit Niya sisisihin ang kabataan sa problema na kagagawan ng Gobyerno na hindi rin nila masolusyunan? 'At least' lumalaban ang kabataan", dagdag pa niya.

Maraming pag-aaral ang magpapatunay na ang anumang kondisyong kaugnay sa mental health ay hindi gawa-gawa lamang, at lalong hindi sumasalamin sa mahinang karakter ng isang tao, kaya't hinihimok ng PAP ang mga namumuno na tiyaking mayroong pampublikong diskurso batay sa agham at responsableng komunikasyon.

Bukas ang PAP na makipagtulungan sa anumang inisyatiba ang maaaring isulong upang mapalaganap ang kaalaman sa pangangalaga ng mental health.

Isang dumadagundong na pagyanig ang naranasan ng Cebu noong Ika-30 ng Setyembre, 2025, sa oras na 9:50 ng umaga. Ayon sa Phlippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS), umabot sa 6.9 magnitude ang lakas ng lindol na mas malakas sa nakaraang naitala na 6.7 magnitude.

Nilinaw rin ng ahensya na hindi nangangahulugang mali ang mga naunang konklusyon, bagkus ay mas naging tumpak ang mga resulta dulot ng karagdagang impormasyon na nagamit upang sumunod sa pamantayan.

Kaakibat dito, ang nasabing lindol ay unang naobserbahan sa lalim na 5 metro, mga 21 kilometro sa hilagang-silangan ng lungsod ng Bogo. Sila ay nakaramdam ng 722 aftershocks o mahina na lindol matapos ang atake ng nauna.

Ayon sa National Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), 26 na tao ang nasawi at 147 naman ang sugatan.

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga residente, inabisuhan na lumayo pansamantala dahil sa posibilidad ng pagtaas ng alon sa dagat. Matapos sumailalim sa "state of calamity" ang Cebu, tiyak na hindi mapapanatag ang mga naninirahan dito.

Masisigurong hindi biro ang mga aftershocks sa kabila ng kahinaan nito, sa kadahilanang may kakayahan pa rin ang mga ito na pagmulan ng pagguho ng lupa at pagtumba ng mga gusali.

Karaniwang tumatagal ang mga aftershocks nang ilang araw dahil sa presensiya ng stress o pressure sa ilalim ng lupa pagkatapos ng malakas na lindol.

Hindi maipagkakaila na mahirap ang hindi maging handa sa panahon ng sakuna, kung kaya't dapat na malaman ng bawat mamamayan ang mga kinakailangang gawin upang mabigyang-proteksiyon ng mga tao ang kani-kanilang mga sarili maging ang komunidad.

Bagama't ang lindol ay isang pangyayari na walang konkretong paraan ng pagpigil, ang kolektibong paghahanda ay isang paraan upang bawasan ang inaasahang pinsala na idudulot nito.

Sa pamamagitan ng pagiging alerto at kalmado, maaaring makabuo ng solusyon ang mga mamamayan upang lutasin ang mga problemang binibigay ng lindol.

SA MGA NUMERO

26
BILANG NG MGA NASAWI AYON SA ULAT NG NATIONAL RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL (NDRRMC)

147
KABUUANG BILANG NG MGA SUGATAN

PINAGMULAN: PINAKAHULING ULAT NG NDRRMC HINGGIL SA INSIDENTE



BALITANG LOKAL

PANGAMBA

6.9 Magnitude Lindol sa Cebu, Ikinabahala ng mga residente

+ Ace Matthew Acedillo

PAGYANIG SA CEBU. Niyanig ng 6.9 magnitude na lindol ang Cebu noong ika-30 ng Setyembre 2025, na nag-iwan ng 26 na nasawi at 147 na sugatan ayon sa ulat ng NDRRMC at PHIVOLCS. | Larawan mula sa ABS-CBN News

KAMPUS EKSPRES

MULA SA KATIMUGAN: RARAGASA PATUNGONG NCR MEET!

+ Sebastian Dapul

Handa nang sumabak ang mga atleta sa football mula sa katimugan para sa nalalapit na National Capital Region Meet sa darating na Pebrero 22 hanggang 27, 2026.

Sa isang panayam, ibinahagi ni Eric Younique Mariano ang kaniyang determinasyon, partikular na laban sa kaniyang dating paaralan. “Para sa akin, pinaghahandaan ko ang Makati dahil galing ako sa Don Bosco Makati at gusto ko silang talunin,” aniya.

Naniniwala naman si Ryan Red Paradeza na magbubunga ang kanilang puspusang pag-eensayo. Ayon sa kaniya, lahat sila ay nagsisikap para sa koponan upang makapasok sa NCR Meet at makamit ang pangarap na makapaglaro sa Palarong Pambansa.

Sa kabila ng hirap sa ensayo, hindi pinababayaan ni Uriah Bello ang kaniyang pag-aaral. “Kapag may free time, ginagawa ko ang aking schoolwork at nagtatanong sa mga kaklase tungkol sa performance tasks. Malaki rin ang pasasalamat ko sa mga guro na nag-e-excuse o nagbibigay ng konsiderasyon sa amin kaya napapadali ang aming sitwasyon,” paliwanag ni Bello.

Hugot naman mula sa pamilya ang lakas ni John Wyzard Dichoso. Binigyang-diin niya na ang sakripisyo ng kaniyang mga magulang ang nagtutulak sa kaniya na magtagumpay. “Kung ‘di dahil sa kanila, ‘di ako makakarating sa kinatatayuan ko ngayon. Nakikita ko ang effort nina Mama; kahit mahirap, naibibigay pa rin nila ang kailangan ko sa laro at sa paaralan.”

Pagdating naman sa mentalidad sa loob ng field, disiplina ang sandata ni Razwell Austin Duapa. Bitbit niya ang payo ng kanilang coach na si G. Jimark Somogod: “Discipline over skills. Walang kuwenta ang galing mo kung wala kang disiplina sa kapwa.”

Nawa’y bigyan natin ng taos-pusong suporta ang ating mga atleta sa kanilang pagpapakitang-gilas sa NCR Meet. Isulong ang lakas ng Katimugan!



GINTO SA BANGKOK. Matagumpay na napanatili ng Gilas Pilipinas ang dominasyon sa Timog-Silangang Asya matapos talunin ang Thailand, 70-64, sa gold medal match ng 33rd SEA Games noong ika-19 ng Disyembre, 2025 sa Nimibutr Stadium. | Larawan mula sa ABS-CBN News

BALITANG LOKAL

PUSO AT DEPENSA: Gilas, bumangon kontra Thailand

+ Kristine Nicole A. Baldo

Nagpakita ng pagkamahinahon at tibay ang Gilas Pilipinas nang makabawi mula sa maagang pagkakaiwan upang talunin ang Thailand, 70-64, sa gold medal match ng men’s basketball sa 33rd Southeast Asian Games noong ika-19 ng Disyembre 2025 na ginanap sa Nimibutr Stadium sa Bangkok, Thailand.

Maagang umalagwa ang Thailand sa unang dalawang yugto at umabot sa 13 puntos ang kanilang kalamangan sa first half, 32-19. Gayunpaman, nanatiling kalmado ang Gilas at dahan-dahang binura ang agwat sa pamamagitan ng mas mahigpit na depensa at organisadong opensa.

Tuluyang nagbago ang ihip ng laro sa ikatlong yugto nang magpasiklab ang Gilas ng 23-10 run na naglipat ng momentum pabor sa kanila. Mula rito, nagawang dikitan at lampasan ng Gilas ang Thailand hanggang sa tuluyang makuha ang abante sa huling bahagi ng laro, 52-48 pabor sa Gilas.

Pinangunahan ni Jamie Malonzo ang Pilipinas matapos pumoste ng double-double na 17 puntos at 12 rebounds. Bukod sa kanyang pagpapaulan ng puntos, naging mahalaga rin ang kanyang presensya sa depensa na pumigil sa atake ng Thailand.

Nagbigay naman ng mahalagang outside shooting si Matthew Wright, na kumamada ng 14 puntos, karamihan mula sa three-point range na tumulong upang mapanatili ang ritmo ng opensa ng Pilipinas.

Sa panig ng Thailand, nanguna si Chanatip Jakrawan na nagtala ng double-double na 13 puntos at 10 rebounds. Sinubukan niyang buhayin ang tsansa ng kanyang koponan, ngunit kinapos sa dulo laban sa rumaragasang opensa ng Pilipinas.

Sa krusyal na sandali ng ikaapat na yugto, naging sandigan ng Gilas si Robert Bolick. Nagtapos siya nang may 10 puntos at ipinakita ang pagiging maaasahan sa endgame matapos maipasok ang mahahalagang free throws na tuluyang nagselyo sa panalo ng Pilipinas.

Kahit nakaramdam ng pressure sa huling bahagi ng laro, napanatili ng Gilas ang kanilang kalamangan sa fourth quarter hanggang sa tumunog ang final buzzer, 70-64.

Sa panalong ito, muling ipinakita ng Gilas Pilipinas ang kanilang kakayahang bumangon mula sa alanganing sitwasyon — isang mahalagang puhunan sa kanilang kampanya sa SEA Games.



Dibuho ni Denise Rhada A. Saez

EDITORYAL

PUNDASYONG MANIPIS

Ang talento at dedikasyon ay hindi dapat malunod sa kakulangan ng suporta, sapagkat ang bawat atleta ay simbolo ng pag-asa at dangal ng bansa, at kahit gaano kalakas ang kanilang determinasyon, ang kanilang potensyal ay nalilimitahan kapag kulang ang pondo at kagamitan. Ang lipunan ay hindi sumusukat sa bilang ng medalya o papremyo, kundi sa tapang at pagkakataon na ibigay ang tamang paghahanda sa bawat manlalaro

Sa kabila ng pagkamit ng mga medalya sa pandaigdigang palaro, nananatiling hamon para sa maraming atleta ang kulang na pondo at suporta para sa kanilang paghahanda. Batay sa Philippine Sports Commission (PSC), bumaba mula sa P1.156 bilyon noong 2024 patungong P725 milyon para sa 2025, isang malaking pagbawas na nagresulta sa mas maigting na kompetisyon sa limitadong pondo ng sports program. Ito ay nagdulot ng 50% na pagbaba sa pondong inilaan para sa Amateur Sports Development Program, na mahalaga sa training at pagpapalago ng atletang Pilipino.

Bagama’t may mga hakbang tulad ng P5,000 na dagdag sa buwanang allowance ng mga national athlete at coach para matugunan ang mga pangunahing gastusin, marami pa ring atleta ang tumatanggap lamang ng halagang mas mababa pa sa minimum wage, na nagpapakita na hindi sapat ang kasalukuyang suporta para sa kanilang pang-araw-araw na pagangailangan.

Panahon na para igiit ng bawat Pilipino at ng pamahalaan na ang tunay na pag-angat ng mga manlalarong Pinoy ay hindi lamang nasa tagumpay sa podium, kundi sa matatag na pondo at oportunidad na magbibigay-daan sa bawat pangarap ng atletang Pilipino.

KAMPUS EKSPRES

PONCE, NAGPAULAN NG BOLA, GINTONG MEDALYA, NAISELYO

+ Jean Margarette Menor

Hindi nagpaawat si Maxene Ponce matapos niyang bombahin nang sunod-sunod na puntos si Althea Battung upang masungkit ang kampeonato sa Intramurals Girls Singles Table Tennis Finals. Sa dikit na laban na ginanap sa Table Tennis Room, naitala ni Ponce ang panalo sa pamamagitan ng full five-set thriller, 8-11, 11-9, 15-13, 8-11, 11-8, noong ika-9 ng Setyembre 2025.

Sa pagbubukas pa lamang ng unang set, agad na nagpakitang-gilas ang dalawa. Gayunpaman, tila kinakapa pa ni Ponce ang kanyang rhythm kaya nagkaroon siya ng sunod-sunod na unforced errors na nagresulta sa tabla, 3-3. Sinamantala ito ni Battung sa pamamagitan ng kanyang mga top-spin drive. Sa bawat matatalas na palo ng bola ni Battung, mabilisan niyang tinapos ang unang set sa iskor na 11-8.

Hindi nagpatinag si Ponce sa ikalawang set. Sa simula pa lang, naging bentahe niya ang palyadong service ni Battung na hindi lumagpas sa net, dahilan para lumayo ang iskor sa 3-1. Nagkaroon ng matitinding rally sa kalagitnaan ng set kung saan parehong tumitira ng mga backhand push ang dalawang manlalaro. Dahil sa agresibong forehand smashes ni Ponce na hindi na naibalik ni Battung, nakuha niya ang set sa iskor na 11-9.

Naging krusyal ang ikatlong set. Dikit na dikit ang laban at umabot pa ito sa deuce match dahil walang gustong magpatalo. Ramdam ang tensyon sa loob ng silid habang nagpapalitan ang dalawa ng mga chop shots. Sa huli, nanaig ang determinasyon ni Ponce matapos niyang pakawalan ang isang malakas na kill shot para tapusin ang set sa 15-13.

Pagpasok ng ikaapat na set, nagpakita ng consistency si Althea Battung. Hindi siya nagpadala sa pressure at ginamit ang kanyang service ace para kontrolin ang laro. Nanaig si Battung sa set na ito, 11-8, dahilan para humantong ang laban sa deciding set.

Sa ikalimang set, binuhos na ni Ponce ang lahat ng kanyang lakas. Hindi na niya hinayaang makahabol ang kalaban sa pamamagitan ng mga cross-court placements. Dahil sa kanyang bilis at tamang footwork, mabilis na tinapos ni Ponce ang laban, 11-8, at napasakamay ang titulo.

Inamin ni Ponce na muntik na siyang mawalan ng pag-asa nang humantong ang laban sa deciding set.

“Sobrang kaba po ang naramdaman ko nung 4th set kasi nakahabol si Althea. Pero inisip ko lang po ‘yung lahat ng training namin at ang mindset ko ay kailangang ibalik ang bola kahit anong mangyari,” pahayag ni Ponce.



REYNA NG TABLE TENNIS. Nasungkit ni Maxene Ponce ang kampeonato sa Intramurals Girls Singles Table Tennis Finals matapos talunin si Althea Battung sa isang kapana-panabik na five-set thriller, 8-11, 11-9, 15-13, 8-11, 11-8, noong ika-9 ng Setyembre 2025. | Larawan mula sa The Wings

SA MGA NUMERO

SCORE BOARD	SET 1	SET 2	SET 3	SET 4	SET 5
MAXINE PONCE	11	11	15	11	11
ALTHEA BATTUNG	08	09	13	08	08



KASAYSAYAN SA ARENA. Naghari ang NU Pep Squad sa UAAP Cheerdance Competition 2025 noong Sabado sa Mall of Asia Arena matapos masungkit ang kanilang back-to-back titles at makasaysayang pang-siyam na kampeonato sa kabuuan. | Larawan mula sa Inquirer

BALITANG LOKAL

WALANG KATAPAT

NU Pep Squad, Namayagpag sa UAAP Cheerdance Competion

+ Jean Margarette Menor

Nasungkit ng National University Pep Squad ang back-to-back titles at record na pang-siyam sa pangkalahatan matapos maghari sa 2025 UAAP Cheerdance Competition noong Sabado sa Mall of Asia Arena.

Pambihira sa mahihirap nitong stunt at mabilis na ninja-themed routine na nagpanalo sa NU Pep Squad sa runaway fashion na may 695 puntos.

Pinakanaghahari na paaralan ngayon ang NU sa midseason showcase, na nakapagtabla sa University of Santo Tomas Salinggawi Dance Troupe at University of the Philippines Pep Squad, na parehong may walong titulo.

"I can't even imagine that we got to this point as someone who grew up with UAAP Cheerdance," sabi ni coach Gabriel Bajacan.

> *We know the history of NU before, and we can't believe that we'd be the coaches to make history for NU. We're very grateful."*

Inangkin naman ng Adamson Pep Squad ang first runner-up spot para sa ikalawang sunod na taon sa score na 659, na binuo sa adventure-themed performance nito.

Nanatili sa podium ang Far Eastern University Cheering Squad, na nag-uwi bilang second runner-up na may 658.5 points matapos magsagawa ng "Batang Pinoy" throwback-inspired routine.

Nagtapos ang University of the East Pep Squad malapit sa podium bilang pang-apat na puwesto na may 623 puntos. Ang UST Salinggawi Dance Troupe ay nagtapos sa ikalima na may 618.5 puntos.

Natapos ang UP Varsity Pep Squad (558) sa ikaanim, kasunod ang De La Salle University Animo Squad (546.5) sa ikapito, at ang Ateneo Blue Eagles ay tumapos sa ilalim na may 436.5 puntos.

KAMPUS EKSPRES

REYNA NGAYON

GRADE 11 GIRLS, KAMPEON SA INTRAMURALS SEPAK TAKRAW 2025

+ Sebastian Iñigo Dapul

Nasungkit ng mga manlalaro mula sa Grade 11 Argon at Bromine ang gintong medalya sa Sepak Takraw Girls ng Intramurals 2025 na ginanap noong Setyembre 9, 2025 sa Pasay City South High School Quadrangle.

Tinalo ng Grade 11 ang Grade 10 sa unang laban, 15-9 at 15-5, matapos makabawi mula sa anim na puntos na pagkakahabol. Pinangunahan nina Rhonalyza Dispo, Jacee Amiel Chryzmaine Pacris, Fiona Ellyza Jader, at Angel Mae Decena ang dominanteng panalo.

Sa finals kontra Grade 12, agad na kinuha ng Grade 11 ang unang set, 15-7. Bagama't nakabawi ang Grade 12 at umabot pa sa overtime, nanatiling kalmado ang Grade 11 at tinapos ang laban upang maselyuhan ang kampeonato.

Ayon kay Dispo, nagsimula siyang maglaro ng sepak simula noong Grade 9 pa lamang siya. Ngunit matapos makita ang mga tagumpay dito, napagdesisyunan niyang ipagpatuloy ang Sepak hanggang sa susunod na taon. Bagama't 2–3 araw lamang ang kanilang ensayo, nagbunga ito ng tagumpay at pagkakataong makasali sa Division Palaro 2025.



SIPAG AT TAGUMPAY. Nasungkit ng pinagsamang puwersa ng Grade 11 Argon at Bromine ang gintong medalya sa Sepak Takraw Girls ng Intramurals 2025 matapos pataubin ang Grade 12 sa finals noong ika-9 ng Setyembre, 2025 sa PCSHS Quadrangle. | Larawan mula sa The Wings

KAMPUS EKSPRES

ALAB NG RAKETA

Ginto sa Dulo ng laban

+ Andrea Nicole Y. Gabon

Hindi lamang sa simpleng pagpalo sa bola gamit ang raketa ang bumuo sa tagumpay ng isang manlalaro ng lawn tennis. Sa likod ng kaniyang tagumpay, nakapaloob ang kaniyang sakripisyo, pawis, at tiwala sa sarili niyang kakayahan —mga katangian na tumulong sa kaniya para masungkit ang gintong medalya sa unang pagkakataon at nagbukas ng oportunidad para siya'y sumabak sa National Capital Region Meet.

Tatlong taon nang lumalahok si Kharsley M. Paradeza sa Division Palaro sa larangan ng lawn tennis. Sa kabila ng kaniyang paulit-ulit na pagsabak sa mga matitinding laban, ngayong taon lamang niya naiuwi ang ginto.

"Siyempre masaya kasi nga first time, then lahat ng tiyaga ko sa pag-training is parang napalitan ng gano'ng katas na medalya," giit ni Paradeza.

Para sa kaniya, hindi na matatawaran ang saya na dulot ng tagumpay, lalo't ito ang kaniyang kauna-unahang panalo. Para sa kaniya, ang bawat oras ng pagsasanay ay tila napalitan ng medalya na nagpapatunay sa kaniyang determinasyon.

Maaga siyang namulat sa mundo ng lawn tennis. Sa edad na pitong taong gulang nang una niyang mahawakan ang raketa na magiging susi ng kaniyang tagumpay. Ngunit pansamantala siyang huminto sa paglalaro upang unahin ang isa pa niyang responsibilidad, ang kaniyang pag-aaral.

Muling nagliyab ang mga apoy na ito nang malaman niyang may intramurals na magaganap sa kaniyang sintang paaralan na Pasay City South High School. Mula noon, hindi niya hinahayaang mamatay ang lamparang sinindihan ng kaniyang ama na naging inspirasyon niya at naghubog sa kaniya para maging isang atleta.

"Siyempre, 'yung papa ko kasi nga siya 'yung nagtuturo sa aming magkakapatid. Lahat kami ni Mama't mga kapatid ko ay si Papa nagtuturo sa amin," ika ni Paradeza.

Para sa atletang ito, ang lawn tennis ay naging isang paraan ng pagpanday sa kaniyang karakter dahil dito niya natutuhan ang tiyaga, pagpapahalaga, pasensya, at konsentrasyon. Ang bawat laro ay nangangailangan ng malinaw na pag-iisip at matatag na emosyon na hindi lamang niya nagagamit sa loob ng court, kundi pati na rin sa hamon ng pang-araw-araw na buhay.

Sa huli, ang kaniyang kwento ay isang testimonya na ang pangarap ay ating mapupuntahan kahit malayo pa ang biyahe papunta dito, maaari tayong huminto at magpahinga, pero hindi ito ang magiging dahilan para hindi natin makita ang dulo ng ating paglalakbay.



HAMON, HAMPAS, TAGUMPAY. Sa loob ng tatlong taong pagsubok, sa wakas ay naiuwi ni Kharsley M. Paradeza ang kanyang kauna-unahang gintong medalya sa Lawn Tennis sa Division Palaro 2025. | Larawang kuha ni Marco Largo

> *Siyempre 'yung papa ko kasi nga siya 'yung nagtuturo sa'ming magkakapatid. Lahat kami ni mama't mga kapatid ko ay si papa nagtuturo sa'min,"*
>
> *Kharsley M. Paradeza*

isang tanong, isang sagot

Sapat ba ang mga pasilidad ng paaralan na ginagamit ninyo para sa pag-eensayo?

> Hindi, dahil kadalasan ay wala kaming mapwestuhan sa gym dahil may ibang nagsasanay na sports team. Kailangan din naming intindihin ang sitwasyon dahil lahat kami ay may laban. Minsan, napagkakasunduan na kami ang gagamit sa umaga at sila naman sa hapon.
>
> **Lawrence M. Balano**
> **12 HUMSS - FORTITUDE (TAEKWONDO)**

BALITANG LOKAL

RAKETANG BAON

Eala, sumabog sa tapang, pasok sa quarterfinals sa Abu Dhabi

+ Jean Margarette Menor

Naghukay ng malalim si Alex Eala at nakuha ang epic comeback win kontra kay Aliaksandra Sasnovich ng Belarus, 2-6, 6-4, 7-6, para umabante sa Abu Dhabi Open quarterfinals noong Huwebes (Philippine time) sa harap ng karamihang Pinoy sa International Tennis Center sa Zayed Sports City.

Matapos mahabol ang 4-0 sa ikatlong set, bumawi si Eala para maabot ang match point, 6-5, bago nakuha ni Sasnovich ang kanyang aksyon at pinilit ang tiebreak.

Bumagsak din si Eala sa 4-5 sa tiebreak, ngunit ang mga error mula sa 31-anyos na beterano ay naghatid sa Pinoy sa match point. Hindi sinayang ni Eala ang pagkakataon; ipinako ang game-winner na nagpahatid sa mga Pinoy sa stand sa isang ligaw na selebrasyon pagkatapos ng kapanapanabik na tatlong oras na laban.

Nagpakitang-gilas kaagad ang 20-anyos na Pinay at kinuha ang unang laro, ngunit si Sasnovich, limang beses na runner-up sa Women's Tennis Association at dating World No.29 na manlalaro, ay nakakontra sa pamamagitan ng pagwawagi ng anim sa huling pitong laro para makuha ang unang set.

Si Eala ay nakabalik sa landas at nakaligtas sa neck-and-neck na second set para ipagpatuloy ang laro sa isang desisyon.

"I think she started really well in the tight moments. I think she also stepped up, especially with the serve and a lot of winners," saad ni Eala tungkol kay Sasnovich, isang qualifier na tinalo ang ikawalong si Paula Badosa, 6-4, 3-6, 6-1, upang makausad sa susunod na yugto.

"I really tried my best in those moments to fight. I really tried to find the fight. And in the end, when I was coming back, I was able to find it, so I'm really proud of that. And, once again, the crowd is very proud of that fight as well," aniya.

Maglalaro rin si Eala sa doubles quarterfinal kasama ang kapwa Southeast Asian rising star na si Janice Tjen, na makakalaban nina Cristina Bucsa at Zhang Shuai sa Huwebes ng gabi.

Nakaligtas sila ni Tjen kay Leylah Fernandez ng Canada at pinalamutian ang French netter na si Kristina Mladenovic sa tatlong set, 7-5, 3-6, 10-6, noong Miyerkules.

SA MGA NUMERO

SCOREBOARD

ABU DHABI OPEN QUARTERFINALS

	EALA	SASNOVICH
SET 1	06	02
SET 2	06	04
SET 3	07	06



PUSONG PINAY SA ABU DHABI. Muling nagpamalas ng hindi matatawarang determinasyon si Alex Eala matapos itala ang isang epic comeback win kontra kay Aliaksandra Sasnovich ng Belarus, 2-6, 6-4, 7-6, upang umabante sa quarterfinals ng Abu Dhabi Open noong Huwebes. | Larawan mula sa MGM Macau Tennis Masters

Nagpasiklab ang bawat atletang mag-aaral ng kanilang kahusayan sa laro at determinasyon sa isinagawang Finals Arnis Division Meet 2025 sa Pasay City South High School Gymnasium noong Nobyembre 25, 2025.

Sa Pinweight Division Boys Finals, nagsimula ang pag-ingay ng gymnasium bunga ng mainit na laban nina Prime Lanete ng (PCSHS) at Marvin Dela Fuente ng Pasay City West High School, maagang nagpalitan ng puntos ang bawat koponang ayaw magpatalo, at sa dulo ay nagwagi ang PCSHS sa iskor na 2-6, 4-2, 4-0 pabor kay Lanete. Walang pinagkaiba sa Girls Finals na dinomina ni Angel Lacson ng PCSHS laban sa Arellano University sa iskor na 2-1, 4-2.

Sa Bantamweight Division Boys Finals, ay pinakitaan ni Mark Jovensioco (PCSHS) nang mala-kidlat na paggalaw at paghampas na hindi mabawian ni Nathan Alexis Magno ng Pasay City North High School sa iskor na 2-1, 4-3. Walang pinagkaiba ang laro nina Rogelene Dantis (PCSHS) at Abril Pasquito (PCWHS) kung saan pinakain niya ng alikabok si Pasquito sa iskor na 4-3, 5-1.

Sa Featherweight Division boys Finals, ang nagpakaba sa mga sumusuporta sa PCSHS dahil sa mga tila-bulalakaw na galaw ni Sean Kristoff Lasib ng Kalayaan National High School, bagama't sa hirap sa umpisa, tinapos ni Euan James Dela Cruz (PCSHS) ang laro sa isang pamatay-sunog na iskor na 1-2, 8-1, 6-1.

Sa laban naman ni Rablyn Bautista (PCSHS) at Ivan Carlo Rodriguez (KNHS), nilampaso ni Bautista sa isang mabilis na laban si Rodriguez sa iskor na 1-2, 5-0, 4-0.

Sa Extralightweight Division Boys Finals naman ay ipinapakita ng PCSHS na nasa kanila ang momentum ng kompetisyon, pinangunahan ni Dave Angel Tangonan (PCSHS) na sumungkit ng panalo laban sa (PCNHS) sa iskor na 4-3, 6-2. Parehong pangyayari ang naganap sa girls' finals sa panalo ni Anne Stefhanie Tigaronita (PCSHS) sa (KNHS) sa iskor na 3-3, 3-2, 2-2.

Sa Halflightweight Division Boys Finals, kung saan inaasahan na mananalo ang lahat ng manlalaro sa PCSHS, nang magpakita ng mapanlinlang na hampas si Prince Andrew Bonifacio ng (PCNHS) na gumulat sa buong PCSHS Gymnasium sa kanyang pagkapanalo laban kay Elijah Omblero ng (PCSHS) sa iskor na 1-5, 5-4, 6-4.

Ipinakita naman ni Rhian Kyla Bobis ang kanyang kagalingan, karanasan sa laro at walang kahirap-hirap na tinalo si Grecell Saturinas Pasay City National High School sa iskor na 4-0 at 5-0.

Tinampok ng Arnis Division Meet 2025 ang talento ng batang atleta. Sa bawat palo hanggang sa solidong depensa, lumutang ang bawat kahusayan ng manlalaro. Inaasahang titindi pa ang kompetisyon ng mga nagkampeon sa Division Meet na susulong patungong Regional Meet 2026.

KAMPUS EKSPRES

ABANTE TIMOG

PCSHS Arnis Team, Aariba Patungong Regional Meet 2026

+ Sebastian Iñigo Dapul

HARI NG BAKBAKAN. Dinomina ng Pasay City South High School ang Arnis Division Meet 2025 matapos humakot ng sunod-sunod na gintong medalya sa iba't ibang kategorya sa PCSHS Gymnasium. Ito ang kanilang naging tiket upang itaas ang bandila ng lungsod sa darating na Regional Meet 2026. | Larawang kuha ni Loraine Joy Olilang

SA MGA NUMERO

KABUUANG MEDALYA		BABAE	LALAKI	
21	1	11	10	1

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG PASAY CITY SOUTH HIGH SCHOOL | TOMO XX BLG. 1 | HUNYO 2025 - PEBRERO 2026

angbagwis ISPORTS
patuloy sa pag-alpas, aabutin ang malayang bukas
Opisyal na Pahayagang Pangkampus ng Pasay City South High School | TOMO XX Blg. 1 | Hunyo 2025 - Pebrero 2026

SA MGA NUMERO

SCORE BOARD	SET 1	SET 2	SET 3	SET 4	SET 5
MAXINE PONCE	11	11	15	11	11
ALTHEA BATTUNG	08	09	13	08	08

BALITA | PAHINA 17

I-scan ang QR Code para sa Opisyal na ***Facebook Page.***

MGA NILALAMAN



KAMPUS EKSPRES
ABANTE, TIMOG
PCSHS Arnis Team, Aariba patungong Regional Meet 2026
BALITA | PAHINA 19



ASINTADO
Pundasyong Manipis
OPINYON | PAHINA 17



KAMPUS EKSPRES
ALAB NG RAKETA
Ginto sa Dulo ng Laban
LATHALAIN | PAHINA 18

APOY NG BEERMEN. Muling pinatunayan ng San Miguel Beermen ang kanilang dominasyon matapos lunurin ang TNT Tropang Giga, 92-77, sa Game 6 ng PBA Philippine Cup Finals noong ika-1 ng Pebrero 2026 sa Mall of Asia Arena. | Larawan mula sa PBA Media Bureau

BALITANG LOKAL

NANATILI SA TRONO

Nanaig ang San Miguel Beermen Kontra TNT

+ Andrea Nicole Y. Gabon

Muling ibinida ng San Miguel Beermen ang kanilang bandera matapos nilang durugin ang TNT Tropang 5G, 92-77, at itala ang kanilang magkasunod na kampeonato sa Philippine Basketball Association Philippine Cup Finals Game 6, noong ika-1 ng Pebrero 2026 na naganap sa Mall of Asia Arena, Pasay City.

Pinagunahan ni June Mar Fajardo ang koponan nang dominahin niya ang laro sa kaniyang 29 puntos na may kasamang 23 rebounds, dahilan para itanghal siya bilang Finals Most Valuable Player. Sa pagbubukas pa lamang ng laro ay pinatunayan na niya ang kaniyang ratsada sa bola at sa pagdepensa sa loob ng court.

Sa unang quarter ng laro ay agad nilang pinalaki ang lamang dahil sa mga 3-point shots nina Chris Ross at Marcio Lassiter, na nagpasigla sa kamandag ng mga Beermen. Samantala, si Calvin Oftana ng TNT ay tumira pa ng tres sa huling segundo ng laro, ngunit dehado pa rin sila sa pagtatapos ng unang yugto, 26-10.

Binuksan ang 2nd quarter nang ipinakita ni Oftana ang sunod-sunod na 3-point shots, na unti-unting dumagdag sa iskor ng mga Katropa, 26-21. Ngunit hindi nagpahuli ang San Miguel nang ipinakita ni Fajardo ang kanyang lay-up, dahilan para madagdagan ng dalawang puntos ang kanilang lamang. Tinapos ni CJ Perez ang pangalawang quarter ng laro sa kaniyang lay-up, 49-39.

Inumpisahan ang 2nd half nang tumira si Jordan Heading ng tres, dahilan para mabawasan ang 10 puntos na abante ng Beermen. Pinilit na humabol ng mga Katropa sa pamamagitan ng pag-lay-up ni Oftana kontra sa depensa ni Fajardo at sa pagdakdak ni Matt Rosser. Kalaunan ay tinakbo ng TNT ang 2 puntos na abante sa Beermen, 68-66, matapos tumira ng tres si Heading na agad namang nahabol ni Don Trollano. Agad na inagawan ng momentum ang Katropa nang magwagi sa 3rd quarter ang Beermen, 70-68.

Sa huling quarter naman ay nanatali pa rin sa Beermen ang lamang nang sinimulan ni Moala Tautaa ang pag-iingay na agad na sinundan ni Fajardo ng mabigat na lay-up. Sinubukan ni Oftana na bawian ang Beermen, ngunit ito'y pinigilan ni Fajardo. Samantala, napasok ni Simon Enciso ang 3 puntos sa loob ng basket at sinundan ni Poy Erram ng lay-up. Sinubukang ipaglaban ng TNT Tropang 5G, pero mas nanaig pa rin ang koponan ng San Miguel Beermen na nagtapos ng laban sa iskor na 92-77.

Sa panalong ito, pinatunayan ng San Miguel Beermen ang lakas ng kanilang kamandag, dahilan para sila'y maging back-to-back champions ng PBA.